I have also added many punctuation marks and modified paragraph structures to suit the topics and to break up long narratives. I have, for example, broken up paragraph 156 into five sections, numbered here as 156a, 156b, 156c, 156d, and 156e; of these, section 156e is joined to section 157a to constitute a single paragraph, which in turn is separated from the original source of paragraph 157b, as required by a change of topic.

The translation strictly follows the sequence in the Tagalog original. However, internal evidence and consultations with Octoman and other contributors indicate errors in the chronological sequence of specific events narrated in the last part, from paragraph 120 to the end. These events occurred during the years 1937 to 1943. The correct sequence should be as follows: 141b, 143b, 142, 120, 140, 146, 147, 158, 125, 127, 153, 156, 163, 164. Events not mentioned in this list could have occurred any time during this six-year period, or, as in paragraphs 160-162, events mentioned took place several times during this period.

Paunang Salita

(1) Sa lahat ng babasa at makatutunghay sa kasaysayang ito ng dakilang karanasan ng Amang Illustrisimo:

(2) Malugod na ipinagpapauna namin sa inyo na ang kasaysayang ito ay sinikap naming isaayos at sulating iisa, upang noon ay mailarawan naming Labindalawahan sa sangkatauhan, kung ano at saan nagsimula ang dakilang kapangyarihan at kung papaano tinawag na Ama.

(3) Sapagkat kung dito man sa ating bansa ay mayroong mga bayani na dinakila, ay mayroon ding isang tao na hindi lingid sa ating kaalaman na may ginintuang puso na taglay ang kababaan, sapagkat ang sabi niya'y ang may kababaan ay may karangalan at ang may karangalan ay may kadakilaan. At sinikap din niya na isabog sa sangkatauhan ang mga ginintuang aral upang ang mga tao'y matutong manampalataya sa Dios, magkaisa na, ibigin ang Dios, at gumawa ng mabuti sa kapuwa tao.

(4) At kung sa kasaysayan ng ating bansa idadako natin ang ating pansin, marahil ay hindi lingid sa inyong kaalaman, na kung ang isang tao ay mabuting maglingkod sa bayan ay magkakaroon

ng magandang larawan sa mga mamamayan gayon din sa ating pamahalaan.

(5) Kaya't kung sa tuwina'y laging magiging gabay ng ating kaisipan kung papaano tayo makapaglilingkod ng tapat sa Dios at sa bayan, upang maging mabuting halimbawa tayo ng mga tapat na tagapaglingkod, upang tayo ay pag-palain sa Kanyang kaharian.

(6) Ibalik natin sa ating gunita ang mga adhikain ng pananam-palataya ng ating mga ninuno, sapagkat sangayon sa kanilang nalalaman ay kung saang bansa matatagpuan ang bungang kahoy na hugis puso at kulay ginto ay naroroon ang Espiritu Santo. At sangayon naman sa kasaysayan ni Magallanes ay dito niya natagpuan ang Espiritu Santo sa bansang Pilipinas. At kung ang mga bakas na pinagdaanan ng ating mahal ng Panginoon ang ating hahanapin at babakasin, sa panahong ito ay patutunayan namin sa inyo na narito na sa bansang Pilipinas at ito ay matatagpuan sa Kinabuhayan sa bundok Banahaw.

(7) At ang kasaysayan ng Amang Illustrisimo ay sinikap naming isaayos, sa pamamagitan ng pagbibigay ng ulat ng mga unang sumunod sa Amang Illustrisimo at nagtaguyod ng pananam-palatayang ito, na nakasaksi na dito sa bundok ng Banahaw idinaos ang kanilang pagsasakrapisyo at pagtitiis upang mabuksan at maitatag niya ang pananampalatayang ito ng Samahan ng Tatlong Persona Solo Dios, na sa pasimula'y utos sa kanya ng dakilang boses.

MGA DAKILANG KASAYSAYAN NG AMANG ILLUSTRISIMO

(8) Noong unang panahon sa bundok ng Lumutan, Cebu, ay may isang magiting na lalaki na puno ng mga Pulahan, na ang lalaking ito ay dili iba't ang lolo ng Amang Illustrisimo na ang pangalan ay Agapito. Kaya't ang pangalan ng Amang Illustrisimo ay dito isinangay. At tinagurian siyang Pitong.

(9) Isang araw palibhasay sila'y maraming mag-pipinsang binata ay ipinatawag silang lahat ng kanilang lolo, at sinabi sa kanila na "ako ay inyong ipaghukay at inyong ibaon ng buhay nakatindig na nakalabas ang ulo." At ito ay ginawa nilang lahat.

At noong kanilang maibaon ay nagsalita ang ulo at sinabi sa kanila, na "kayong lahat na mga apo ko, mamayang gabi, ay babalik dito, at kung sino ang makababalik sa inyo ay siya kong pagkakalooban o pag-bibigayan ng karunungan." Dumating ang hating gabi walang nakabalik liban sa isa, at ito ang Pitong.

(10) Iyong lapit niya sa kanyang lolo ay sinabi sa kanya na "tatanggapin mo itong isusubo ko sa iyo. At kung sino man ang pagkalooban ko nito ay siyang magiging puno ng Pulahan." At nang matapos maisubo ay sinabi sa kanya na "sa ikapitong araw ng hating gabi ay muli kang babalik, at sa pagbabalik mo ay dudukutin mo naman ang kanan kong mata. At pagnakuha mo, ako ay mamamatay na." Ngunit bago sumapit ang ikapitong gabi ay napalaban na ang mga Pulahan na sa pangunguna niya ay nagtagumpay.

(11) Sumapit ang ikapitong gabi muli siyang nagbalik. At nuong dudukutin na niya ang mata ay muling nagsalita ang ulo, at sinabi sa kanya na "ang matang ito ay ilalagay mo sa isang lalagyan niyaring kaban, at pagdating ng ikalabing-pitong araw ay saka mo bubuksan." At ng masabi ito sa kanya ay pinasimulan na niyang dukutin ang kanang mata, at matapos na makuha niya ito ay namatay na ang kanyang lolo. At di naglipat saglit at ito ay naging kalansay na lamang. Iniuwi niya ang mata at inilagay niya sa isang yaring kaban. Sumapit ang ika-labingpitong araw ay binuksan niya ang kaban. Ngunit wala na ang mata at ang sumalubong sa kanya ay pitong ibong maliliit na ang bawat isa'y pumasok sa kanyang katawan. At noong makapasok na ang lahat sa kanyang katawan ang mga ibon, ay mayroong tuminig na boses at sinabi: "Iyan ang pitong kapangyarihan na ipinagkaloob namin sa iyo". At ito ang pasimula ng pagtanggap ng kapangyarihan ng Amang Illustrisimo.

(12) Noong panahon iyon ay napabantog siya sa buong lalawigan ng Cebu. Kaya marami ang nagnanais na kumitil ng kanyang buhay. Naganap ang di inaasahan at marahil kung sa panahong ito ay may nabubuhay pa sa angkan ng Osmeña ay mapapatunayan ito. Sapagkat angkan ng Osmeña ang nagpapatay sa Amang Illustrisimo noong panahong iyon. At sa katunayan ay isang alagad ng batas ang gumapos sa kanya noong siya ay patayin.

(13) Ngunit sa di inaasahang pagkakataon ang naging alagad ng batas na gumapos sa kanya ay natagpuan niya at nakilala sa

lugar ng Yawe. At ito ay nagtaka noong siya ay batiin ng Amang Illustrisimo, at sinabing "bakit ka narito? " Hindi siya nakapangusap at halos hindi makapaniwala at nasabi niya na, "bakit ang taong ito ay narito at buhay samantalang ito ay pinatay na at ang bangkay ay sinilaban? "

(14) Ito ang kasaysayan ng Amang Illustrisimo, at ito ang una niyang kamatayan. Noong umalis ang Amang Illustrisimo sa Cebu ay kumuha siya ng limang mga bata, na pawang mga babae, na ang edad ng bawat isa ay labing isang taon hanggang labing-apat na taon. At ang Amang Illustrisimo ay sa nayon ng Plateros, sakop ng bayan ng Muñoz, Nueva Ecija, sumadsad. Dito nagkatagpo silang dalawa ng matandang Payomo at sa madaling sabi nagkaroon ng isang kabuuan ang mga tao sa pananampalataya sa Dios. Sa lugar na ito ay may mag-asawang matanda na walang anak at dito ibinigay ng Amang Illustrisimo ang limang mga bata.

(15) Di nagtagal at ang Amang Illustrisimo ay umalis sa lugar na ito. Ngunit bago siya umalis ay sinabi sa limang mga bata na, "ako ay aalis at iiwan ko kayo rito sa mag-asawang matanda. Ngunit bago ako umalis ay iiwan ko sa bawat isa sa inyo ang mga Letrang ito. At sa pagbabalik ko ay muli kong kukunin sa inyo at doon ninyo ako makikilala". Umalis na ang Amang Illustrisimo puntang Pampangga. At dito siya ay nanggamot, at nakilala siya sa pangalang Apo Ipe.

(16) Umalis ng Pampanga at nagtuloy sa Sampalok, Maynila, sa pamamahay ng Felipe. Dito ay may nakatirang isang matandang babae na mayordoma dito. Sa bakuran nito ay may halamanan na doon nakalagak ang mahal na Señor, at kung tanghaling tapat ito ay nakikita at nasasaksihan na nagpepersonal ang mahal na Señor. Ngunit bago naman ito magpersonal ay nagbibigay ng isang babala na ang nagpapahiwatig ay ang ibong maliliit na kung tawagin ay maya costa. At sa oras na ito na naghunihan ay darating na ang personal ng mahal na Señor.

(17) Noong panahong iyon ay marami ang nagpupuntahan doon, at ang mga naglilingkod ay pawang mga lalaki. Minsan ay nagkaroon ng pabasa ang matandang Ipe, at habang nagbabasa sila ng Pasyon ay nakaramdam sila ng tatlong beses na paglindol. Iyon ay isa ring pahiwatig na darating ang mahal na Señor, sapagkat makalipas ang ilang sandali ay nakita na nakaupo sa silya ang mahal na Señor. Isang araw ay dumating ang Amang Illustrisimo sa bahay

ng matandang Ipe, at noong tanghaling tapat ay bumangon ang mahal na Señor at nakipag-usap sa Amang Illustrisimo, at pinagtalakayan nilang dalawa ang mga pamamaraan upang ang mga tao ay magkaisa ng pananampalataya sa Dios. Makatapos ng kanilang pag-uusap ay nahiga ng muli ang mahal na Señor. Simula noon ay hindi na nagpersonal ang mahal na Señor. Ngunit ang iniwang salita ay "tandaan ninyo mga iha mga iho ang boses kong ito at muli ninyong maririnig at doon ninyo makikilala".

(18) Umalis ang Amang Illustrisimo at nagpunta ng Aurora, Quezon, at dito ay na bansag siya na isang magaling na lalaki palibhasay nanghaharang siya ng barko. Dito siya ay tinagurian at naging tanyag sa pangalang Kapitang Totoy. Umalis ng Aurora at nagpunta ng Marigondon, Cavite, naghanap buhay dito ang matanda, ang naging gawain dito ay isang mamamaklad. At sa di inaasahang pagkakataon ay nabalitaan na lamang sa isang mangingisda na ang matanda'y kinain ng pating. Hindi natagalan at nabalitaan na lumipat sa bayan ng Cavite. Nawala dito at nabalitaan na nasa Lubang, nawala dito at lumitaw sa Talisay, Calatagan, Batangas. At ang naging gawain dito ay maghukay ng tuod, ngunit hindi kinukuha ang kabayaran. Umalis dito at nagpunta ng Matabungkay, at ang naging gawain dito ay mamaupa rin ng paghuhukay ng tuod, ngunit hindi rin kinukuha ang kabayaran. Umalis ng Matabungkay puntang Marinduque. Dito siya ay nagkasakit at namatay. Lumipas ang ilang buwan at nabalitaan na nasa Yawe. Ang naging gawain dito ay kung saan may naghuhukay ng tuod ay doon napunta at nakikiusap na siya na ang papaghukayin ng tuod, ngunit pagkatapos ay iniiwan na, at hindi kinukuha ang upa.

(19) Matapos malibot ang buong Luzon ay nanirahan naman sa nayon ng Dayap na sakop ng Calawan, Laguna. At dito ay nagtatag ng isang kabuuan o pagkakaisa ng mga tao, upang manam-palataya sa Dios. Matapos magtatag ng isang kabuuan ay muling nawala.

(20) Noong 1922 sa nayon ng Bangyas, Laguna, ay may dumating na isang matandang lalaki na may dalang bata, ang matandang ito ay pumasok na maging katiwala ng Gobernador Cailles sa Bangyas, noong panahong iyon ay kilala siya sa pangalang Kulyog, tanyag sa galing at sa pagkalalaki. Noong siya ay maging katiwala ng Gobernador ay kumuha siya ng isang matandang babae

na kanyang inupahan upang maging tagapag-alaga ng bata. Ang gawain ng matandang lalaki ay magkariton nasama sa mga tabasan ng tubo at mga anihan. Ngunit isang gabi na pusikit ang dilim at malakas ang ulan ay natakot ang matandang babae kaya binalot sa kumot ang bata at dalidali silang nanaog. Ngunit ng sila ay nananaog na sa hagdanan ay lumusot ang bata sa pagkakabalot sa kumot, at hindi namalayan ng matanda na ito ay nawala.

(21) Bagaman nangyari ang bagay na iyon ang matandang Kulyog ay hindi na rin umalis sa Bangyas, at ipinagpatuloy na rin ang kanyang gawain, na maging katiwala. At kung panahon ng anihan ay marami ang dumadayo ng pag-aani dito sa lugar ng Bangyas. At dito nakilala ng matandang Kulyog ang matandang Susana Reyes, na ito ay may tatlong anak, at may asawa na nasa bilangguan ngunit isa sa anak na dalaga nito ay pinangliligawan ng isang binata na hinding-hindi naman siya ma-ibig ng dalaga. Isang pagkakataon ay nakilala ng binata ang matandang Kulyog at nalaman niya na ito ay may kaalaman o kagalingan at siya ay nakiusap na siya ay tulungan at siya naman ay pinagbigyan.

(22) Isang hapon ay nagpunta ang matandang Kulyog sa bahay ng dalaga at kanyang kinausap. Ngunit ayaw pumayag ang dalaga at sinabing siya ay walang pag-ibig sa binata. Kaya namaalam na ang matandang Kulyog at sinabi na siya ay aalis na. Ngunit ng siya ay mananaog na ay tumawag ang dalaga at sinabi na siya ay sasama. Sa madali't sabi ay napakasal ang binata sa anak na dalaga ng matandang Sana sa pamamagitan ng matandang Kulyog.

(23) Makalipas ang ilang buwan matapos makasal ang dalawa ay niligawan naman ng matandang Kulyog ang matandang Susana Reyes. Ngunit ayaw pumayag ang matandang Susana at sinabi na siya ay may asawa na nasa bilangguan. Sinabi ng matandang Kulyog na "huag mag-alaala at ako na ang bahala," ngunit ayaw ding pumayag ang matandang Susana. Kaya ito ay dinaan na din niya sa galing o kanyang nalalaman. At sinabi sa dalawang anak ng Susana na "ang iyong ina ay ipagsasama ko sa amin at ngayon din ay babalik kami dito". Sa madali't sabi ay nagkapisan ang matandang Sana at matandang Kulyog.

(24) At noon sila ay nagsasama na ay nanirahan naman sila sa nayon ng Calawan, Laguna, at dito ay nakilala siya sa pangalang Julio. Ang naging gawain dito ay nagtatalaksan ng kahoy, na may sariling pugon ng ulingan. Isang araw na hindi inaasahan ay nakita

ng isang anak ng Susana, Juana Reyes, na ang pugon ng ulingan ay nagliliyab ang apoy. Kaya siya ay sumigaw upang tawagin ang matandang Julio. At noong makita ng matanda na malaki ang apoy ay dali-daling binuksan ang pugon at pumasok upang payapain ang apoy. Tumagal siya ng may isang oras sa loob ng pugon at noong siya ay lumabas ay payapa na ang apoy. Ngunit parang nagbabaga ang buo niyang katawan.

(25) Nagtuloy siya sa isang batis na kung tawagin ay Sayimsim at doon siya dumapa ng may isang oras. Noong panahong iyon sa kanilang pagsasama ng Susana ay hindi pa sila nagkakaroon ng anak. At minsan sa kanilang pag-uusap ay nasambit niya ang ganito: "Sana, kung ako ay hindi magkakaroon ng anak dito sa bansang Pilipinas ay magiging kaawa-awa ang bansang ito, magiging alipin at busabos". Sumagot ang Sana: "ano ang magagawa natin kung hindi pala tayo pagkakalooban ng Dios na tayo ay mag-kaanak, dahil ako ay nasa limampung taong gulang na."

(26) Taong 1926, noong umahon sa Kinabuhayan ang mag-asawang matanda, kasama ang tinatawag na Dose Pares, sila ay nagsipaligo sa mga paliguan at silay nanalangin, tumulog sila ng dalawang gabi sa harap ng bukal ng Kinabuhayan. Noong ang mag-asawa ay natutulog na ay nanaginip ang matandang babae na siya ay binigyan ng isang matanda ng isang bata. At sinabi na "ito ang anak mo", ngunit ang sagot ng matandang Sana ay "bakit maitim? " Hindi nagtagal ay siya ay nagbuntis.

(27) Taong 1927, nagkaroon din sila ng isang anak na lalaki at kauna-unahang pagkakataon ay pinangalanang Sopronio na kung tawagin naman nila ay Jose. Noong ang bata ay lakad tatlong taon ay makikita na siya ay nakikipaglaro sa silong ngunit walang nakikitang kalaro. Noon namang ang bata ay lakad limang taon na ay nanirahan naman sila sa nayon ng San Isidro, Calawan, Laguna. Ang gawain naman dito ay magtubigan sa lupa ng Pedro Barleta, at dito nakilala ang pamilya Detaunan. At sa kanilang mga pag-uusap ay naikuento ng matanda ang kanyang kasaysayan sa Cebu. At sa kanilang pag-uusap ay nakaabot sa kanilang kaalaman na may dumarating na boses sa kanilang kumpareng Pedro Bukol. Sinubaybayan ito ng dalawang matanda, Julio at Fortunato, tuwing araw ng Biernes. Noong makaapat na Biernes ay sinubukan ng matandang Julio ang boses na dumarating sa kanyang kumparing Pedro, ngunit hindi nakipag-usap sa kanila kaya sinabi ng

matandang Julio na "sa susunod na Biernes ay hindi na tayo pupunta doon at doon na lamang kayo magpunta sa aming bahay".

(28) Sumunod na Biernes doon na nga pumunta ang pamilya ng Detaunan sa bahay ng matandang Julio. Alas singko ng hapon noon samantalang ang matandang Sana ay nananahi sa loob ng kanilang bahay at ang matandang Julio naman ay naghahasa ng itak sa kanilang silong, ay naramdaman na lang nila ang malakas na yabag at malakas na hangin, na ang pag-asa ng matandang Sana ay pinapasok ng kalabaw at sinisira ang tubuhan sa tabi ng kanilang bahay, kaya sinabi ng matandang Sana na puntahan ng matandang Julio ang hayop na naninira ng kanilang tubuhan. Ang ginawa ng matandang Julio ay pumanhik sa bahay at dumungaw sa bintana. Narinig na lamang ng matandang Sana na mayroong kausap, tiningnan niya kung sino ngunit wala siyang makita, ngunit sa pakiwari niya ay napakalaking tao at lampas sa bintana.

(29) Noong matapos ang pag-ùusap, ay itinanong kung sino ang kausap. Sinabi ng matandang Julio na iyon ang apat na Evangelista na haligi nitong mundo. Makalipas ang ilang panahon ay lumipat naman sila sa nayon ng Palakpakin na sakop ng bayan ng San Pablo. At ang naging gawain dito ay magkariton at mamili ng niyog, mangalaga ng niyugan ng mayayaman. Anupa't hindi nagtagal, at may dumating na boses sa matandang Julio at sinabi: "Panahon na upang buksan mo ang bundok." At noon din itinuro ang salitang CUATRO. At sinabi ng boses na "iyong basagin ang salitang iyon". At noong mabasag na ang salitang Cuatro, ang naging kabuuan ay "Cuatro Pilares." Ito ang kaunaunahang pagkakataon na ang batang anak ng Julio at Susana, na ang pangalan ay Jose, ay unang nakaalam ng Cuatro Pilares, na sa kasalukuyan ay siyang pangunahing ginagamit na panalangin ngayon.

(30) Sapagkat ng unang libutin ng matandang Illustrisimo ang mga bundok ay wala pa silang anak, kayat ng sila ay umahon ng Kinabuhayan na kasama ang matandang Sana, na sa kanilang pagtulog na mag-asawa ay dito na nga nanaginip. At dito nga nagsimula ang kanyang pagbubuntis. Kaya ng ito'y sisilang na ay sinabi ng boses na, "pagsapit ng bata sa edad limang taon ay muli ninyong lilibutin ang mga bundok."

(31) Kaya'y ng sumapit ang bata sa limang taon, ay naglibot na sila. Minsan sa kanilang paglilibot ay inabot na ng gabi sa may estasyon ng tren sa Maynila. Na sa kanilang paglalakad upang humanap ng matutuluyan ay doon napadaan ang mag-ama sa gawaan ng kagamitang pangtahanan na si G. Moises Belen, tubong Calawan, Laguna. At doon ay natagpuan ng mag-ama si G. Tomas A. Martinez na nakikipag kuwentuhan kay G. Moises Belen, at sila'y nagkakilala, nagkakumustahan. Nasabi ng mag-amang Illustrisimo na sila ay galing sa bundok ng Pico de Loro sa Cavite. Sila ay ginabi na at wala na silang inabutang biyahe ng tren, upang makauwi ng San Pablo, Laguna. Inanyayayahan ni G. Tomas Martinez na sa kanila ng tahanan sila magpalipas ng gabi at sa umaga na sila sumakay ng tren patungong San Pablo.

(32) Sa magandang anyaya ni G. Martinez ang mag-amang Illustrisimo ay napahinuhod at sila ay sinamahan sa kanilang tahanan na may bilang 2296 Looban, daang Juan Luna, Gagalangin, Tondo, Manila.

(33) Habang sila ay nasa tahanan ng mga Martinez, at naghihintay sila ng oras ng kanilang pamamahinga, isinalaysay ni G. Illustrisimo na silang mag-ama ay naglibot sa mga iba't ibang bundok dito sa lalawigan ng Luzon. Nakapanggaling na sila sa maalamat na bundok ng San Cristobal, Kalbaryo, Makiling, Olibete, Montalban, Antipolo, at noong hapong makita sila ay galing sa Bundok ng Pico de Loro, Cavite. At isinalaysay ng Ama ang kanilang paglalakad ng kanilang pasukin ang cueba ng Pico de Loro. Noong sila ay dumating ng Marigondong ay doon sila tumuloy sa bahay ni G. Quiniquini. At kinabukasan ay naligo sila sa isang layon kasama si G. Quiniquini. Noong makapaligo sila, ay sinabi ng Amang Illustre na papasukin nila ang cueba ng Pico de Loro. At sa kanilang paglalakad ang dinaanan nila ay ilog, at ang unang pinasok nila ay cueba na parang balon na ang kanilang kinakapitan palusong ay mga ugat ng kahoy. At noong marating nila ang punduhan ng cueba ay may nakita silang mga bungo ng tao at mga itak na kalawangin. At sa pagpapatuloy nila ng paggagala sa loob ng cueba ay may nakita sila na isang lagusan sa dakong kaliwa na ang daan ay paahon at doon ay nakatanaw sila ng isang lugar na maliwanag na iyon pala ay tabi ng dagat. Ngunit sa dakong kanan ay mayroon pa ring isang lagusan. At noong papasukin na nila ang lagusang ito ay pinauna ng Amang Illustre

ang batang Illustre sa paglakad. At sa kanyang paglalakad ay para siyang hinihigop. Kaya siya ay tumigil sa paglakad. Ang ginawa ng Ama ay siya ang umuna sa paglakad. At noong sumunod ang batang Illustre ay naaagaw ang kanyang lente at siya ay hirap na hirap sa paglakad at parang binabatak ang kanyang baywang, kaya iniutos ng Ama na alisin ang kanyang sinturon sa baywang. At palibhasa'y ang suot na kapote ng Ama ay may malalaking butones, ay nahigop din pati kanyang kalikot na ginagamit sa pagnganga, dahil sa lakas ng bato balani. Kaya sinabi ng Ama na "kung gusto ninyo ang gamit kong iyan ay sa inyo na iyan." At sila ay umalis na at doon naman sila lumabas sa isang cueba na malapit sa bahay ni G. Quiniquini.

(34) Sa pagtatanong ni G. Martinez, na ano ang dahilan at bakit silang mag-ama ay tumutungo sa mga bundok, ang magalang na tugon ng G. Illustrisimo, ay siya ay napag-uutusan at sila ay pinatutungo ng tinig na sa kanila ay dumating.

(35) Nang dumating ang sandali na sila ay magpapahinga na, nakarinig ang mag-asawang Tomas at Marciana na kinakausap ang G. Agapito Illustrisimo ng tinig na sa kanilang pandinig at sa kanilang palagay ay nangagaling sa malayo, ngunit kanilang nabatid na kinakausap ng tinig si G. Agapito Illustrisimo sa ibang wika, at hindi nagtagal kinausap siya ng tinig sa wikang Tagalog. Sa unang pagkakataon pinasasalamatan ng tinig ang mag-asawang Martinez sa ginawang pagtangkilik sa mag-amang Illustrisimo sa gabing iyon.

(36) Sa kanilang pag-uusap ng tinig, sila ay pinangangaralan sa kanilang kalagayan, pamumuhay. At sa kalagayan ng bansang Pilipinas, na ang lahat ng mamamayang nagnanais ng kasarinlan ng Bayan. Nananawagan ang tinig na kinakailangan ang pagpapaka-sakit ng bawat isa sa pagkakaroon ng kalayaan ng bayan sa pamamagitan ng kapayapaan.

(37) Noong panahong iyon ang Marciana, na kung tagurain ay Sianang, ay Espiritista na nilalangkapan ng Espiritu. At sinabi ng Espiritung lumlangkap dito na ang matandang Illustrisimo ang pumapatnubay dito sa taglay na dakilang kapangyarihan.

(38) Sumapit ang magandang umaga, bago pa lamang tumataas ang dakilang araw, nagpaalam ang mag-amang Illustrisimo sa mag-asawang Tomas at Marciana. Sa kanilang pagpapaalam sila ay nakipagkasundo na sila ay babalik sa ilang araw at kanilang

isasama ang mag-asawang Martinez sa bundok ng Banahaw upang masaksihan ang mga banal na lugar.

(39) Hindi laglipat buwan muling umalis ang mag-ama na ang pagpapaalam ay pupunta sa Baño, Arayat, Pampanga, at doon naman tumuloy sa bahay ng mag-asawang matanda. Noon nila binalak na umahon sa bundok ng Arayat upang pumasok sa cueba ng Maria Sinukuan, ngunit bago sila umahon ay nagpunta sa alkalde upang humingi ng kakasamahin. Pumili ang alkalde ng labing dalawang magagaling na lalaki. Inupahan ng tig-iisang salapi libre pagkain at siyang pinasama. Ngunit pagdating sa may pintuan ng cueba ay nagbalik na ang mga taong kasama, sapagkat may kinatatakutan. Ang ginawa ng Amang Illustrisimo ay sumunod sa mga tao pabalik at isinulit sa alkalde. Matapos maisulit ang mga kasama ay muling umahon at pumasok sa cueba ng Maria Sinukuan, pina-una sa paglakad ang isang bata na dili iba't ang tinagurian Tanglaw. At sa kanyang paglakad ay may nahihipo siya na madulas, na sa wari niya ay mga ahas. Siya'y natakot at tumigil sa paglakad. Ngunit malakas ang boses ng Amang Illustrisimo at sinabing tumuloy sa paglakad. Muli siyang lumakad at naramdaman niyang ito'y pailalim, kaya muli siyang tumigil, at siya'y inabutan ng Amang Illustrisimo at sinabing siya'y ihuhulog pailalim. At ang pang-aliw na sinabi sa kanya ay kung may marinig siya, tangtangin ang lubid at siya'y hihilaing paitaas. Ang naramdaman niya ay napakalamig ng simoy ng hangin at nakarinig siya ng tugtog ng marcha Pilipina. Dali-daling tinantang niya ang lubid ngunit sa halip na hilahing paitaas ay lalo siyang inihugos pailalim at iyong sadsad niya sa ilalim ay lumingon siya at paglingon niya ay naroon na ang Amang Illustrisimo. Lumakad na sila at noong sumapit na sila sa bahay ng Maria Sinukuan ay noon niya nakita ang napakaraming bunton ng salapi. At sinalubong sila ng mga tao at ng Maria Sinukuan, at nag-sipagmano sa Ama. Ngunit habang nagpupulong ang Amang Illustrisimo at ang Maria Sinukuan ay nagpunta ang batang Illustrisimo sa ilog.

(40) At habang siya'y naglalakad ay nakarinig siya ng naglalaba, at noong siya ay malapit na ay natitilabsikan siya ng tubig ngunit hindi naman niya makita ang naglalaba. Ang ginawa ay tinapakan niya ang bato at tumigil ang naglalaba. At sa paglingap niya ay nakakita siya ng isang punong saging na may bunga at hinog na, at lumapit siya sa puno at pumitas siya ng isa,

ngunit siya ay nagtaka at pagkapitas niya ay nakita niya na buo na uli ang piling ng saging. Di naglaon at nagbalik na muli ang batang Illustrisimo sa bahay ng Maria Sinukuan, at dinatnan niya na nag-mimisteryo ang Amang Illustrisimo. At nag-sasalmos naman ang Maria Sinukuan, at sapagkat ang dahilan ng galit ng Ama ay ang hindi pagdating ng Cornelio Asis na asawa ng Maria Sinukuan. At sa bisa ng salmos ng Maria Sinukuan ay nabutas ang lamesang marmol. Matapos ang misteryo ay nag-usap na muli ang Maria Sinukuan at ang Amang Illustrisimo, at sinabi ng Maria Sinukuan na kung maaari ay ang kanyang anak na dalaga ay siyang maging asawa ng Batang Illustrisimo, ngunit hindi pumayag ang Amang Illustrisimo at sinabing ang Batang Illustrisimo ay may gaganapin pa.

(41) Ngunit isang araw habang sila'y nananatili sa bahay ng Maria Sinukuan ay ipinagsama ang batang Illustrisimo ng Maria Sinukuan sa pamimili sa bayan ng Arayat. Ang kanilang sasakyan ay kotseng walang bubong, at ang batang Illustrisimo ay namangha sapagkat sa halip na sa karsada dumaan ay sa mga sanga ng kahoy dumaan ang kotseng kanilang sinasakyan. At di nagtagal at sumapit sila sa bayan ng Arayat. Pinasimulan na ng Maria Sinukuan ang pamimili. Noong maipon ang isdang pinamili ay nasa labing-dalawang canastro ang naipong hito. At habang inaayos ang mga pinamili ay nakita ng batang Illustrisimo ang mga batang dati'y kalaro niya sa Arayat; lumapit siya at ito ay binati niya ngunit hindi sumagot sa kanya, at sa wari niya ay hindi siya nakikilala ng mga ito. Kaya siya ay nagbalik na sa kanilang sasakyan. Di nagtagal at sila'y umalis na, at ang kanilang dinaanan ay ilog at noong dumating sila sa isang punongkahoy na ang hanay ng ugat ay hugis trespico ay doon sila pumasok, at iyon pala ang pintuan ng cueba na papunta sa bahay ng Maria Sinukuan. Noong makarating sila ay iniluto ang pang-ulam, at ng maluto ay nagpakain na at dalawang tao ang nag-uulam sa bawat kabiyak na hito, palibhasa'y napaka-raming tao. Ngunit ang mga tao ay makikita lamang habang kumakain ngunit kapag nakatapos na at nakapamahid na ng kamay ay hindi na makita. Ito ang nasaksihan ng batang Illustrisimo sa bahay ng Maria Sinukuan.

(42) At sa paggagala ng Amang Illustrisimo ay laging kasama ang kanyang anak. At matapos mabuksan ang mga bundok ay nagbalik ng Palakpakin. Nagtatag dito ng isang samahan na kung tawagin ay Sakdal, na kung ating hihimaymaying isa-isa ang

salitang sakdal ay maging sakdal ang pananampalataya mo sa Dios. Ito ay pinamumunuan ni G. Benigno Ramos. At ng maitatag ito ay inutusan ng boses ang G. Benigno Ramos ng ganito: "Hanapin mo ang kasarinlan ng bansang Pilipinas." At hindi nagtagal dumating na muli ang boses at sinabi sa Amang Illustrisimo na "panahon na upang buksan mo ang bundok ng Banahaw."

(43) Nang ang mag-ama'y umahon sa bundok ng Banahaw magbuhat sa Palakpakin hanggang Durungawan ay dala sa balikat ang bata, kaya pagdadaan sa tubig paliguan ay nasahod na lamang, at tuloy din ang lakad, at hindi sila nagbibihis ng tuyong damit, hanggat hindi nakararating sa pundohang tutulugan. At ang dala nilang pagkain ay isang salop na bigas at isang latang sardinas, at kung oras ng pagkain ay makikita na lamang ng bata na nakahain na ang pagkain ngunit wala namang kakain kundi siya at hindi kumakain ang ama. At noong sila ay dumating sa ilalim ay binihisan na ang bata at ipinaglatag ng sako sa loob ng cueba at doon pahihigain. At sa kanilang pamamahinga ay marami ang dumarating na nakikipagusap sa Ama. At mayroon ding mga dalaga na nag-aawitan. Kinabukasan muli na namang papasanin ang bata at maliligo sa paliguan doon sa ilalim. At pagkatapos tuloy paahon sa Durungawan at tuloy palusong sa Palakpakin.

(44) Ikalawang yugto ng ahon ng Ama ay dumaan sa Sta. Lucia, tumuloy sa simbahan ng Frances, at doon nakilala ng Amang Illustrisimo ang Briones at Agripino Lontok. Anopa't humigit kumulang sa sampu katao ang nagkatagpo-tagpo roon na panay na may kaalaman. Nagkaroon sila ng paligsahan o subukan ng kanilang karunungan at sila'y nagpustahan. Unang pustahan sinabi ng matandang Julio ay papatayin at tatadtarin ng pinong-pino ang kanyang anak, ilalagay sa isang tapayan at pagdating ng ikatlong araw ay kanilang bubuhayin. Hindi sila nagkasundo at binago ang pustahan. At ang kanilang pinagkasunduan ay lilibutin ang loob at labas ng Banahaw na pitong kandila lamang ang kanilang gagamitin at tatapusin ang paglilibot sa loob ng pitong araw. Ang Pinong ang unang naglibot at hustong pitong araw ay tapos din ang paglilibot at ubos din ang pitong kandila.

(45) At noong ang matandang Julio naman ang naglibot ay natapos libutin ang loob at labas ng Banahaw na walang isa mang kandila na ginamit. Nagtaka ang Agripino, sapagka't nasabing lahat, ang loob at labas, ng bundok ng Banahaw, na kahit isa sa pitong kandila ay hindi ginamit. Ngunit napuntahan niya ang lahat.

Kaya nang muli silang mag-usap ay sinabi ng Pinong sa matandang Julio na "ikaw ay doon sa Kinabuhayan at ako ay dito sa pintuan sa Santa Lucia bilang prinsitahan bago tumuloy paahon sa Kinabuhayan." Ito ang kanilang pinagkasunduan kaya umalis na at bumalik sa Palakpakin. Pagdating ng Palakpakin ay nagkakuwentuhan sila ni Epifanio Cortez at sa kanilang pag-uusap sila'y inabot ng uhaw ngunit wala silang mainom, kaya noon ay nasaksihan ni G. Epifanio na hinugot ng Ama ang kanyang itak at inihaya, at lumaglag na ang isang buwig na mura at sila'y uminom. Makatapos na sila'y mangain ng mura, sila'y naghiwahiwalay na.

(46) Ikatlong ahon sa Kinabuhayan ay dumating ang boses at sinabi sa matandang Julio ang ganito: "Libutin mo ang buong Banahaw at pag nalibot mo ay bumalik ka na dito sa Kinabuhayan." Makalipas ang ilang araw matapos niyang malibot ay nagbalik na siya sa Kinabuhayan. Dinatnan niya roon ang iba't-ibang uri ng mga tao ngunit marami ay engkanto. At muli siyang nakarinig ng boses na nag-uutos na ang sabi: "Ikaw ay dumapa sa pagitan ng dalawang bato." At iyong dapa niya ay biglang naglapat ang dalawang bato at siya'y naipit at hindi siya makaalis. Kaya siya ay tumadyak at kasabay noon ang bukal ng tubig, at naalis din ang pagkaipit sa bato. At iyon din ang naging bakas sa harap ng Kinabuhayan. At muling tuminig ang boses at sinabi na iyon ang bukal ng Kinabuhayan, at kasabay rin noon ang pagpapalit ng kanyang pangalan, at sinabi ng boses na, "sapagka't ikaw ang ikatlong ilaw ay aagapan mo ang ika-pito, Agapito, at iyan ang tataglayin mong pangalan Agapito Illustrisimo." At sinabi rin ng boses na "ang pananampalatayang itatatag mo ay Samahan ng Tatlong Persona Solo Dios." At nagkaroon ng malaking pagdiriwang sa lugar ng Kinabuhayan at magbuhat sa templo, sa cueba ng Dios Ama, hanggang Kinabuhayan ay nagliliwanag ang buong paligid sa loob ng magdamag at maraming mga tao ang dumating at nakasaksi.

(47) Kinabukasan muling lumusong ng Palakpakin at utay-utay ng ipinamulat sa mga tao ang Samahan ng Tatlong Persona Solo Dios at nagkaroon na rin ng nagseserbisyo, at ang kaunaunahang nagserbisyo sa Samahan ng Tatlong Persona Solo Dios ay si Bb. Felisa Detaunan. Hindi naglipat ang buwan lumuwas ng Maynila upang kunin ang mag-asawang Martinez, na sumama naman ang isang anak na nagngangalang Benjamin Martinez na may labing-apat na taong gulang lamang. At dumating ng bayan ng

Dolores ng katanghaliang tapat, at bago nila nilisan ang bayan ng Dolores ay nagdaos muna sila ng isang panalangin sa may liwasang bayan, ito ang kauna-unahang bayang pinagdausan ng panalangin. At ng matapos ay nagsimula na silang naglakad patungo sa lugar ng Santa Lucia. Sapagkat sang-ayon sa mag-amang Illustrisimo, ang unang dapat patutunguhan ay ang lugar ng Santa Lucia, pagkat naroon ang pabinyagan. Apat na oras na mahinay na paglalakad sinapit ang lugar na lubog ang araw. Ipinayo ni G. Illustrisimo na mag-pabukas na ang pagpanaog sa Santa Lucia sa dahilang gabi na at may kahirapan ang pagbaba lalo na sa mga bago pa lamang dating ang kanyang mga kasama.

(48) Nanguha ng mga tuyong dahon ng niyog, siyang inilatag sa lupa upang mahigan ng mga kasama, tanyag sila sa kalikasan at ang tanging ilaw nila ay mga bituin at isang buwan sa kanilang pagpapahinga. Madaling napahimbing ang magkakasama pagkatapos ng kanilang samasamang paghahapunan, niluto sa isang latang lutuan, bagama't kulang sa pang-ulam ay dinagdagan na lamang sa kamatis at asin.

(49) Dumarami ang bilang ng magkakasama na tumutungo sa ibang puok na lugar na banal sa pamumuno ni G. Illustrisimo na kasama ang Inay Sana. Makalipas ang ilang oras ay nag-usap-usap at sinabi ng Ama sa mga kasamang lalaki: "tayo ay aahon sa Tatlong Tangke, iiwan natin ang mga babae," at noon din sila ay umahon. Noong ang Ama ay nasa ikatlong Tangke, ay may nakita ang Ben at Costan ng isang libreto sa dahon ng pako na nasa pader sa tabi ng ikatlong Tangke. At palibhasa'y interesado ang Costan sa anting-anting kaya sila ay nag-unahan at sa kanilang pag-uunahan sila ay nahulog at sila'y nagpagulong-gulong palabak at iyong patak nila sa mababang Tangke sila ay parehong patay, at bali-bali ang kanilang buto sa katawan. At kasabay noon ay naging dugo ang kulay ng tubig sa Tangke. At noong sila ay paiinumin ay pumutol ang Ama ng baging at noong makaputol ay sumisirit ang tubig, siyang itinapat sa bibig ng dalawang namatay, upang sila'y makainom, at siya ring ipinagbasa sa kanilang katawan hanggang sa maikibo ang kanilang paa at kamay. Kinabukasan, kinaun ng dalawang aluyan at inilusong sa Kinabuhayan upang ibabad sa bukal at sila'y pinag-salmusan hanggang sa magkaroon ng malay at mabuhay at ang tuluyang nagpa-galing ng mga sugat at bali ng kanilang katawan ay ang mga katas ng mga ilang mahiwagang baging

ng kahoy, at ang bukal ng tubig ng Kinabuhayan. At dito natapos ang unang yugto ng kasaysayan nilang mag-ama sa paglilibot nila sa mga banal na lugar at mga bundok.

(50) Bumalik na ng Palakpakin, at pinasimulan naman ang pagdaraos ng panalangin sa bawat liwasang bayan, tulad ng San Pablo, Laguna, Calawan, Pila, Santa Cruz, Nagkarlan, bumalik ng Tiaong, Candelaria, Sariaya, Tayabas, Lucena, at nagtungo sa Maynila, sa bahay pamahalaan ng Malabon, Pulo, Obando, bumalik sa Maynila, nagdaos ng panalangin sa bantayog ni bayaning Jose Rizal sa Luneta. Nang matawag ang pansin ng pamahalaan ng Maynila ang pagdaraos ng panalangin ng mga samahang mananalangin, pina-iimbestigahan si G. Illustrisimo at si G. Martinez, pilit na inaalam ang sanhi at layunin ng samahan. At karamihan ng mga kasama ay mahahaba ang buhok at balbas na hindi alam ng pamahalaan na iyon ay isang pagpapakasakit na ginagawa ng samahan at nakayapak na tumungo at nanalangin sa Luneta.

(51) Dahil sa ginagawa ng pamahalaan ng Maynila, na gawang pananakot, pag-aabala sa layunin ng samahan, sinanguni ni G. Illustrisimo at ni G. Martinez sa kanyang mga kaibigan na nagsi-hawak na ng katungkulan sa pamahalaan. Katulad ni G. Jose Turiano Santiago, naging kalihim ni bayaning Andres Bonifacio, at ng katipunang kanyang itinatag, at naging konsehal ng Maynila, si G. Zoilo Hilario, mananangol, manunulat at poeta sa wikang Kastila, at ang isang kinatawan ng lalawigang Pampanga, si G. Don Norberto Romualdez, Sr., naging alkalde ng lunsod ng Maynila, at kanilang ipinayo na iparehistro sa pamahalaan ang samahan.

(52) Hindi nagtagal at lumusong ng Palakpakin, at namaalam ang Ama at sinabi na siya ay pupunta sa Yawe.

(53) Taong 1936 – Bagong taong dumating ang Ama sa nayon ng Danlagan sa bahay ni Agripino Villareal. Ang naging gawain doon ay kung saan may nagbubunot ng tuod ay napunta roon at nakikiusap na siya na ang papagbunutin ng tuod, ngunit pagkatapos ay iiwan na lamang at hindi kinukuha ang upa. Ipinamalita ng Agripino sa kanyang mga kasamahan na doon sa kanila ay may tumuloy na isang matanda, at sa kanilang pag-uusap ay sinabi na ang taglay niya ay Dios at bayan. Ito'y sinuri ng isang kasamahan ng sakdal Antonio Quinto. Ang sabi ng matanda: "kung gusto ninyo na mawala ang anumang hinala sa akin ay tumawag kayo ng kapulungan at ako'y magpapaliwanag doon."

Lumipas ang ilang sandali, dumating ang mga tao at nagkaroon ng kapulungan. At sa pagpapaliwanag ng Ama ay sinabi na: "Ako ay may hihilingin sa inyo na magtipon kayo ng halagang labing limang piso na hindi hihigit doon, sapagkat kung sosobra ay ibabalik ko rin sa inyo. Ako ay may tatlong bagay na naiwan sa Maynila. Ang aking kulikot, baston at ang aking sumbrero, na doon sa cuartel ni Heneral Ramos. At ang gusto kong kukuha ay iyong kilala doon sa cuartel. Kaya ang tatlong taga-Atimonan ang dapat pumunta doon. Si G. Cresebio, Hermoso at Cardoso." At sinabi pa na: "pagbalik ninyo ay dadaan kayo sa bahay ng mga Martinez, sapagkat naroroon ang aking mag-ina at isang nagse-serbisyo, Felisa Detaunan at iyong ipagsama dito sa Yawe." Noong dumating sa cuartel ay sinabi na ipinakukuha ng Ama ang kanyang inihabilin. Nagtanong ang G. Ramos, "Nasaan ang Maestro? " Ang sagot ng tinanong ay "nasa Laguimanok po." "Ah! Ganoon! Ang sabi naman ay pupunta siya sa Mindanao, ngunit narito pa rin pala." Nang maibigay na ang kanilang kinukuha ay namaalam na sila at umalis na. Nagdaan sila sa bahay ng pamilya Martinez at kanilang ipinagsama na ang tatlo puntang Yawe.

(54) Noong makarating ng Yawe ay sinabi ng Ama na magdadaos ng panalangin sa bayan ng Laguimanok. Humingi ng pahintulot sa pamunuang bayan. Matapos makapagdaos ng panalangin ay humanda na sila sa pag-alis, ngunit inabala sa paglalakad ng ibang pinunong bayan ang mga mananalangin, tinatakot ang ibang mga kasama at nais nilang sirain ang samahan. Sapagkat nakikita na dumarami ang mga kasama at sumusunod sa Amang Illustrisimo. Ngunit hindi pa nasiyahan sa kanilang pananakot at ipina-bilanggo pa sa municipio ng P. Burgos ang Amang Illustrisimo, at ang apat na mga kasama. Ngunit noong makita nila na ang Amang Illustrisimo ay mayroong pambihirang lakas ng kamay, nang sirain ang kulungan ng municipio sa pamamagitan lamang ng lakas ng kamay ay siya ay pinalaya na pati ang kanyang mga kasama.

(55) Ngunit ayaw na lumabas ng Ama sa bilanguan, ngunit siyang pagdating ng Tomas na secreta ni Presidente Quezon. At noong malaman niya na naka-kulong ang Amang Illustrisimo ay nagalit siya sa pinunong bayan. Kaya nagpunta ang alkalde sa bilanguan at nagmaka-awa sa Ama na lumabas. Lumabas na rin ang Ama sa paki-usap ng punong bayan. Ipinagsama ng Tomas ang Ama

at naglakad na pauwi sa Danlagan sa bahay ng Petra Alejandro. Nang dumating doon ay napakaraming tao. Tinawag ng maestro ang Petra at tinanong kung may natatandaan na mayroong silang inampon na pito katao, "na ang damit noong isa ay pula, na iyon ang pinuno doon sa pito, na ang gawain nila ay maghawan ng kagubatan, ngunit libre pakain lamang ninyo? " Noong mai-paliwanag ng Ama ay naalaala ng Petra na ito ang isa sa kanyang pinakain noon, kaya yumakap siya sa matanda. At sinabi ng maestro na "ako ay may habiling salita sa iyo na ako ay babalik, at sa pagbalik ko'y dadalhin ko kayong mag-anak sa lupang maligaya. Ito ang pangako ko sa inyo."

(56) Kinabukasan naglakad puntang Atimonan at doon natulog sa bahay ng Cresebio. Pumili ang Ama ng labing pito katao, pinahiga at isa-isang pinatungan ng libreto sa dibdib na pinag-salmusan ng Ama. At habang magsasalmos ang Ama ay utay-utay na nabaon ang libreto sa kanilang dibdib.

(57) Kinabukasan umalis at naglakad, nagdaan sa balon sapaan, lakad uli puntang Atimonan. Humingi ng pahintulot sa bayan at nagdaos ng panalangin sa kabayanan, at pagkatapos ay umalis at doon natulog sa bahay ng Manalo. Kinabukasan nagpunta sa cueba ng Malusak. Nakipag-usap ang Ama sa bantay at ang mga kasama ay nagsipag-linis. Nang makatapos ng paglilinis, lakad puntang Sumit tuloy ng Agdangan, dumating doon ng mga alas cuatro ng hapon, at doon tumuloy sa bahay ng Segundo Almagro. Nagpulong at ipinagunita ng Ama noong panahong siya ay nagma-material pa. Nagpunta sa bahay ng Estanislao Eroles. Anopa't tatlong araw na namalagi sa Agdangan. Makalipas ang tatlong araw, lakad uli puntang Walay at sa bahay ng Isaac Vasquez tumuloy. At noong kaharap na ang mga tao ay nag-utos ang Ama at sinabi: "Kayo ay kumuha ng pitong baldeng tubig at ako ay inyong baldeyuin." Matapos na mabaldeyo ay saka pa lamang nalaman na iyon ay isang pagmimisteryo at bilang pagbabayad ng Ama sa pagka-gawa ng pera, dahil sa mga kasama.

(58) Muling nagkaroon ng kapulungan at nagtayo ng poder, ang itinayong poder Pablo Vasquez at nagtayo rin ng tatlong central. Ang isa ay sa Pulo, Agdangan at Yawe. At noon na rin nagkaroon ng kabuuan ang mga nagse-serbisyo, na kung tawagin ay limang Letra. Ang mga itinayo ay sina Felisa Detaunan, Openg, Poling, Lapaz at Tali. Matapos makapagtayo nagbalik ng

Kinabuhayan. Makalipas ang isang gabi nagkaroon ng kapulungan, nagtayo ng pitong Birtudes, labing dalawang Angelica at labing dalawang Angelico, apat ng Pilar, at Dose Paris. Matapos makapagtayo ay binigyan si G. Ramon Oflaria ng karapatan. Nilangkapan siya ng Espiritu Santo at nagturo siya ng pag-indak sa ehersiyo na may gamit na baston at daga. Nagturo din ng estilo ng kantahin at panalangin. At sinabi ng Ama sa mga taong kasama niya na galing silangan: "Kayo ay kukulungin ko dito sa loob ng pitong buwan na walang uwian. At ang inyong gagawin araw gabi ay maliligo sa Kinabuhayan at ang damit ay patutuyuin na sa katawan."

(59) Agosto 27, 1936, napatala sa pamahalaan ang Samahang Panalangin Ukol Sa Kalayaan ng Bayan, Inc. (Tatlong Persona Solo Dios.) Na sa wikang kastila ay ito: ADORACION POR LA LIBERTAD PATRIA, INC. At napalagay na pangulo ay si G. Tomas Martinez, pangalawang pangulo Agapito Illustrisimo, kalihim Ben Martinez at Jesus Detaunan. Mga kagawad at mga sumusunod, Pablo Logatok, Luis Odnemer, Servillano Mararis, Constantino Adia, Pablo Vasquez, Ciriaco Recto, Valentin Quinto, Fortunato Detaunan, Agripino Villareal, Filemon Saniel, Isaac Vasquez, Arcadio Codelia, Bartolome Prieto, Arcadio Andalis, Juan Reyes, Sofronio Mansano, Segundo Almagro, Pedro Lagan, Ramon Lagan, Ramon Quitalis, Pedro Villareal, Dionicio de la Peña, at Pedro Magyupyup.

(60) Ito ring petsang ito ang kauna-unahang pagpipiesta ng Samahan ng Tatlong Persona Solo Dios sa lugar ng Kinabuhayan. Ang nagpapiesta ay ang mag-asawang Valentin Quinto at Petra Alejandro. Nang makadaos ang piesta ay ibinatas ng Amang Illustrisimo na paluwangin ang butas ng templo. Kumuha si G. Benito Octoman ng mga kahoy at gumawa ng hagdan na may pitong baytang na siyang tutuntungan sa pagpapasimula ng pagtitibag ng mga bato. At sa kanilang pagtitibag ay may sinusunsun silang butas na lusot lamang ang baraso. At ang unang nagtibag ay si Benito Octoman, Anong, Isko, na kung tawagin ay Bonso, Idong, at Rosa. Araw-araw silang nagtatrabaho. Makalipas ang isang linggo ay humalili na ang karamihan.

(61) Lumipas ang ilang araw ay pinatigil ng Amang Illustrisimo ang pagbubutas ng karamihan. At sinabi na "tutuklasin natin ang tubig ng Eden." Ang unang nagtibag upang sunsunin ang butas papuntang Eden ay ang Amang Illustrisimo, kasunod,

Bartolome Prieto. Doon nagpasimula sa tubig ng Bangca na kung tawagin ng Ama ay Tatlong Tangke. Hindi nagtagal dumating sa may balon na sa tabi ay may malapad na bato na ang sabi ng Ama ay iyon ang Kaban ng Tipan. At ang balon ang Balon ng Eden. At matapos na maipaliwanag ng Ama ang lahat ng mga bagay ay pumasok ang Ama sa cueba sa gawing kanan, at makalipas ang ilang sandali ay inutusan si G. Benito Octoman na kumuha ng itak, hasaan at sangkalan. Makarating, inihasa ng Ama ang itak sa loob ng cueba. At tumagal ng tatlong araw ang paghahasa ng itak. Matapos ang paghahasa ay sinabi ng Ama, na pumasok ang mga tao at pupugutan niya ng ulo. Ang Amang Illustre ay tumayo sa may pintuan ng Eden. Ang unang pinapasok ay ang matatandang babae, at habang pumapasok ay patuloy ang kanilang panalangin.

(62) Ngunit habang pumapasok ang matatandang babae ay tatlong beses na huminga ng malalim. Kasabay noon ay napatigil sa paglakad ang matatandang babae dahil sila'y hindi makahugot hininga. Kaya sila ay nagsilabas na. Sumunod na pumasok ang matatandang lalaki, ngunit hindi rin sila nakatuloy. Sumunod ang pitong Birtudes, limang Letra, at ang mga Angelico at Angelica. Ngunit ang nakatuloy lamang sa loob ay ang mga Angelico. Nagalit ang Amang Illustrisimo, nagmisterio dahil ang mga tao ay hindi nakatuloy sa pagpasok. At iyan ang ibig sabihin ng pagpupugot ng ulo. Nang matapos ang misterio nagbalik na sila ng Central.

(63) Kinabukasan habang ang Ama'y kumakain ng almusal ay may dumating na dalawang tao na ang isa ay may-edad na at ang isa ay talubata, na ang hinahanap ay ang Amang Illustrisimo. Inanyayahan ng Ama na kumain ng almusal ang mga panauhin. Ngunit ayaw kumain at ang sabi ay nakatapos na. Makatapos ng pagkain ang Amang Illustrisimo ay lumapit ang isang talubata sa Ama at sinabing may lakad sila sa Ama. At sinabi pa na "kung maaari ay nais ko na sa pag-uusap natin ay tayo lamang dalawa, upang hindi marinig ng inyong mga tauhan." Kaya sila ay nagpunta sa templo at sinabi ng Ama na "walang sasama sa inyo kahit isa". At noong sila ay papasok na sa templo ay iniwanan sa pintuan ang isang kasamang matanda. At sa kanilang paglakad ay tuloy-tuloy sila hanggang Eden.

(64) At palibhasa'y si G. Antonio Oflaria ay masugid at nais malaman ang kalihiman ay sumunod din siya sa Eden. At noong naririnig na niya ang usapan ay tumigil na siya sa paglakad, at buhat

doo'y narinig niya na ang sabi ng Amang Illustrisimo ay "bubuksan ko ang kabang ito." At noong mabuksan ang bato na sinasabing "kaban" ay narinig niya ang sabi: "naririto pala ang bandera ng Pilipinas, ang Korona at ang mapa; bakit po Ama ako ay inutusan pa ninyong maghanap ng kasarinlan sa ibang bansa, samantalang naririto din pala sa Pilipinas? " Ang sagot ng Amang Illustrisimo: "talagang ganyan, sapagkat kung hindi gagawin iyon ay hindi nabubuo ang istorya o kasaysayan."

(65) Noong makalabas ng Eden ay sinabi ng Ama na "ikaw ay magtalumpati", at nagkaroon ng maikling programa. At ang naging paksa niya ay ang kanyang pagkaahon. Ngunit sinabi niya na "huwag ninyong sasabihin sa mga tao sa bayan ng Dolores, sapagkat noong ako ay dumaan hindi nila ako napapansin." At makatapos ng talumpati ay namaalam na sa Amang Illustrisimo. Noong umalis ay sinundan ng mga bata sa pangunguna ng anak ng Amang Illustrisimo na si Jose. Ngunit noong makarating sa may sapa ng Ipit ay hindi na nila makita kung saan nagpunta, kaya nagsibalik na sila. Noong makarating ay may nagtanong sa Ama kung "sino ang dalawang taong iyon na umalis." Ang sagot ng Ama ay "iyon si Benigno Ramos na kung tawagin ay Ben Ruben."

(66) Lumipas ang ilang sandali simula ng umalis ang bisita, ang Ama ay kumanta at sumayaw at ang inawit ay ito:

"Doon po sa aming nayon
mayroon tumubong isang punong kahoy,
namunga kanina, nahinog kahapon,
sa laking hiwaga'y tinuka ng ibon,
nalaglag sa lupa, sa dulo gumulong.
Lumutang ang bato, tumigas ang tubig;
isda'y lumilipad, ibon ay sumisisid;
ang kagandahan mo'y katulad ng langit;
iyon ang ligaya ng aking pagibig."

Matapos ang awit ng Amang Illustrisimo ay sinabi ng boses, na kapag ang Amang Illustrisimo ay nagsasaya ay may nagaganap na kapighatian at iyon ay pinatunayan kay Benito Octoman. Pinalusong niya sa San Pablo at doo'y nasaksihan niya ang malaking sunog na korting bandera.

(67) Ilang buwan ang matuling lumipas, ay sinabi ng Ama ang ganito: "Ang lahat ng kayamanan at mga kasangkapan ay

inyong ipagbili at ibigay sa akin." Ang binitiwang pangungusap na ito ng Ama ay may kahiwagaan kaya ito ay kanilang pinag-aralan. At noong magtatapos ang pitong buan ay muling tinawag ang mga tao sa harap ng templo at sinabi ang ganito: "Kayong lahat ay dito matutulog sa batuhang iyan at magbabantay kayo sa pader na ito, at dito ay makakakita kayo ng mga sasakyan. At kung anumang uri ng sasakyan ang inyong makita ay inyong sasabihin sa akin." At habang ang mga tao ay nakahiga ay makikita naman ang Amang Illustrisimo na nakadipa at nakaharap sa templo. Paminsan minsan ay naharap sa mga tao at tinatanong kung ano ang nakikita nila. Matapos na masabi ng mga tao ang kanilang mga nakita ay sinabi ng Ama na magsitulog na. Kinabukasan ay sinabi ng Ama ang ganito: "Ang nakakita ng karsada ay lumakad na, ang nakakita ng tren ay sumakay na, at ang nakakita ng trak ay sumakay na, at ang nakakita ng bahay ay tumigil na." Matapos ang pitong buan ay nagmanira ang mga tao sa Kinabuhayan. At noong panahong iyon nasira ang unang tatag ng Ama na limang Letra dahil ang isa ay nag-asawa na.

(68) At noong masira ang unang tayo na limang letra ay lumuwas ng Maynila. At noong Noviembre 30, araw ng mga bayani ng bansang Pilipino, ipinahayag sa bayan ang bagong rehistro at may kapahintulutan ng pamahalaan ang bagong tatag na kapatirang pambansa, na kinikilala sa pangalang "Panalangin Ukol sa Kalayaan ng Bayan, Inc. (Tatlong Persona Solo Dios)". Ipinagbigay alam din kay Pangulong Quezon, na ang kapatiran ay may mahigpit na pinauutos. Una: ang iyong kakanin sa iyong pawis mangagaling; Pangalawang utos: Ang masama sa iyo huwag mong gagawin sa kapwa mo. Pangatlo: Bago mo pakialaman ang sa iba ay sa iyo muna.

(69) Manghang-mangha ang Pangulong Quezon, sa kanyang nasaksihang samahan. At kanyang ipinayo na ipagpatuloy ang banal na gawain at ano mang maaring maitulong ng kanyang tanggapan huwag mag-atubiling lumapit sa kanya. Ang kanyang pamahalaan ay nagmamalasakit at sa pamamagitan ng mga lider ng bayan, hinihiling sa pamahalaang America, na ipagkaloob sa bayang Pilipinas ang kanyang lubos na Kalayaan ng bayan. At siya ay pinangakuan ng Pangulo ng America matapos ang kanilang pagsubok sa ating paghahanda, pag-aayos ng pamahalaan, kanilang ipagkakaloob ang kasarinlan ng bayang Pilipinas.

(70) Kaya ginawa ang pagpapahayag sa bayan, sa bulwagan ng Templo Solomon, isang malaking gusali sa daan Bilbao, Tondo, Manila, at ang nagpahayag sa bayan ay sila G. Jose Turiano Santiago, G. Zoilo Hilario, at G. Don Norberto Romualdez, Sr. Dinaluhan ng mga ibang kababayan sa Tondo, at ang bilang ng mga kasama ng kapatiran ay humigit kumulang sa dalawang daan, iilan ang mga bata.

(71) Nang umabot sa kaalaman ng kasalukuyang Pangulo ng Man-komunidad ng Pilipinas na si Pangulong Manuel L. Quezon, ipinatawag ang mga mananalangin, sa pamamagitan ng kinatawan ng Nueva Ecija si G. Felipe Buencamino, Sr. Nagtungo sa Malacañang ang pangkat ng mananalangin. At humingi ang Amang Illustrisimo ng kapahintulutan sa Pangulong Quezon na sila ay makapagdaos ng panalangin saan mang dako o sulok ng bansa, maging sa bayan, sa bundok, sa cueba, at maging sa karagatan, upang hilingin ang kasarinlan ng bansang Pilipinas. Sumagot ang Pangulong Quezon at sinabing "makukuha ba sa panalangin ang kasarinlan ng bayan? " Sumagot ang Amang Illustrisimo at sinabing "Tandaan mo, Pangulong Quezon, na ang humihiling ay pinagbi-bigyan at maaring matupad ito." At sa hiñaharap ng Pangulong Manuel L. Quezon ay ipinarinig ang mga panalangin sa pamama-gitan ng mga awiting sariling likha ng tinig na dumarating sa maestro. Namangha ang Pangulong Quezon ng kanyang marinig ang panalangin, lalo niyang pinuri ang maestro sa pangunguna ng makabayang gawain, maka-Dios at makabayan. At kanyang sinabi na ipagpatuloy ang dakilang layunin, na siyang hinihingi ng pagkakataon ng bayang Pilipinas, at kinamayan ng Pangulong Quezon ang Amang Illustrisimo.

(72) Taong 1937 Bagong Taon, nagtatag na muli ng limang Letra ang mga itinayo ay sina Maring, Meyang, Juliana, Ana at Openg. Matapos noon sinabi ng Amang Illustre "ako ay aalis, sino ang sasama sa inyo? At kung kayo ay sasama ang ating baon ay tatlong salapi." Makalipas ang ilang araw gumayak na ang Ama. Naglakad buhat Kinabuhayan. Unang gabi dito rin natulog sa tabi ng daan sa may balukanag sa lugar ng Kinabuhayan. Kinabukasan, lakad uli nagtapat sa daan ng Alaminos. Pagdating sa Sto. Tomas ay may nagdaang sasakyan, pinasakay ang Ama, nagtuloy sa Real, Calamba, sa bahay ng matandang Asyong at doon na inabutan ng mga kasama sa bahay na nag-uusap ang Amang Illustre at

matandang Asyong. Sinabi ng Ama sa Asyong ang ganito: "Sa ikatlong araw, ako ay iyong babarilin at pagkatapos ay iyong bubuhayin." Kinaumagahan nag-misterio ang Amang Illustre. Ang ginawang misterio ay inilulusot sa silya ang kanyang katawan. Nang matapos iyon, pinasok ang silid at hinila ang tandang Asyong. Ang ginawa ng Asyong ay isinaboy ang lura na puro nganga, kaya nagmistulang duguan ang Amang Illustre. Ito ang pagbaril na ginawa ng matandang Asyong sa Amang Illustre. At ng makalayo ay wala ng dugo at walang anumang sugat.

(73) Kinabukasan ay kinumbida ng matandang Asyong at isinama sa simbahan sa Real. At doon ay maraming tao. Ng sila ay nag-uusap-usap, ang ginawa ng batang Illustre ay umakyat sa isang kahoy sa tabi ng simbahan. At nakita sa bintana ang mga tao sa loob ng simbahan na nananalangin ay mga hubad. Sinabi niya ito sa Ama, nagalit ang Ama. Pumasok sa simbahan at pagdating sa altar ay hinubaran ang poong Del Rosario, pinutol ang ulo, pinutol pati katawan at kinain ang korona. Nabalitaan ito ng mga konstabularyo, hinuli at dinala sa munisipyo. Ang pagkapagdala ay pabagsak-bagsak sa hagdanan, kinaladkad sa semento, at inihagis sa sasakyan. Ngunit makarating ng munisipyo sa tapat ng monumento ay tumindig ang Ama, at 'yong tindig na iyon ay lumusot ang ulo at nabutas ang bubungan ng sasakyan. At ang kanilang ipinagtaka ay wala man lamang galos ang katawan. Noong makarating ng munisipyo ay pinaimbistiga ang Ama. Matapos ang imbistigasyon ay sinabi na "kayo ay mabibilanggo sa loob ng tatlong araw." Ngunit tumutol ang Ama at sinabing "hustuhin na ninyong isang buan." At siya ay nakikisama sa mga bilanggo sa pagtatrabaho. Ngunit sinansala siya ng pulis at sinabing huwag ng sumama. Ngunit ang ipinagtataka nila ay naka-lalabas ng bilanguan kahit may susi ang pintuan.

(74) Ngunit isang araw may dumating na sitasyon buhat sa Malacañang at sinabing bakit hinatulan ng walang abogado ang Amang Illustre. Kaya nagmaka-awa na ang alkalde na lumabas na ang Ama sa bilangguan at pumayag naman ang Ama. At noong makalabas ang Ama, ay pinangaralan ang mga taong munisipyo. At sinabi: "Kayong may tungkulin sa ating pamahalaan maging matapat kayo sa inyong tungkulin, at mahalin ninyo ang mga taong mamamayan katulad ng pagmamahal na inuukol ninyo sa inyong sarili, upang masunod ang kautusan na ibigin ang Dios at gumawa

ng mabuti sa kapuwa tao." Makatapos ang pangangaral ay umalis na ang Ama at nagtuloy na sa bahay ng matandang Asyong, at sinabi sa mga kasama na aalis na.

(75) Umalis ng Calamba, dumaan ng Cabuyao, Laguna, at sinabi ng Ama: "Tayo ay magpaparada at magdadaos ng panalangin sa harapan ng monumento." At ng makatapos ay nagpaliwanag ang Ama. Umalis doon, sumakay hanggang Canlubang, lumusad, at habang naglalakad, ay napadaan sa tabasan ng tubo, namahinga at nanonood ng pagtatabas ng tubo. Noong bandang tanghali na ay sinabi ng Ama sa mga kasama na sila ay aalis na. Ngunit dumating ang may-ari ng tubuhan at sinabi na "huwag munang aalis at kakain muna, pagka't may dumating sa amin na isang matandang babae at ang sabi ay dagdagan ang lulutuing pagkain at maraming tao sa tabasan ng tubo, at kayo po pala ang narito." Noong makakain lumakad na uli puntang Cavite. At doon sila tumuloy sa bahay ng isang poder at doo'y nag-pulong, at sinabi ng boses na "iyong matandang iyan ay walang iba kundi ako." Makatapos noon nagdaos ng panalangin at doon na natulog.

(76) Kinabukasan, lakad uli puntang Indang, Cavite, sa nayon ng Banaba. Nagdaos ng panalangin at doon natulog. Kinabukasan, lakad punta sa nayon ng Pulange at doon natulog sa Naic, at dito hinuli ng pulis ang barkada ng Ama at sila'y pinagbintangan na nagnakaw ng palay, kaya ang iba ay nagpanakbuhan. Ngunit noong mapatunayan na hindi sila ang nagnakaw ay binigyan na sila ng kapahintulutang makatuloy sa kanilang pupuntahan. Kinaumagahan, lakad puntang Marigondon at nagtuloy sa bahay ng Apiang. Ang Apiang ang nagturo papunta sa nayon ng Lubo. Kinabukasan, lakad uli puntang Lubo sa nayon ng Inang Loreta. At ito ang pagkakataon upang matupad ang pangako ng boses sa Inang Loreta noong siya ay nagdadalang-tao pa. Ganito ang sabi ng boses sa Inang Loreta: "Loreta, pag naisilang mo ang sanggol na dinadala mo sa kasalukuyan ay pabinyagan mo, at ang ipapangalan mo sa bata ay Salvador del Mundo." Di nagtagal at iniluwal na nga sa maliwanag ang bata at sinunod ni Loreta ang utos sa kanya ng mahiwagang boses. Ipina-rehistro sa munisipyo ng Nasugbu at ang pangalan ay Salvador. At noong binyagan ang bata, ang naghawak sa binyag bilang ninong ay tumutugon sa pangalang Timoteo Rent, na bilang katiwala sa niyugan ng Bayabasan. Ngunit isang araw ay may naganap na hindi inaasahan, sapagkat namatay ang batang si

Salvador. At muling dumating ang mahiwagang boses at kinausap ang Loreta at ganito ang sinabi: "Loreta, huwag mong sasabihin sa ibang tao na namatay ang iyong anak, at kung makaraan ang pitong araw ay saka ninyo ililibing ang bata. Ngunit bago ninyo ilibing ay hubaran mo ng damit ang bata at hanapin ninyo ang mga palatandaan na inyong pagkikilanlan kung dumating ang panahon; pagkat pagsapit ng pitong taon ay muli kayong magkikita." Sinunod lahat ng Loreta ang utos sa kanya ng boses upang hanapin ang mga palatandaan na maaari niyang pagkakilanlan. Ngunit gayon na lamang ang kanilang pagtataka sapagkat gayong ilang araw ng naka-burol ang bata ay pinag-pawisan pa ang buong katawan. Gayon pa man palibhasa'y utos, makalipas ang pitong araw mula ng mamatay ay kanilang inilibing sa libingan ng Kaytitingga, Alfonso, Cavite. Na palibhasa ng ilibing ang bangkay ay nagsusumungit ang panahon, ay nagtagubilin pang muli ang boses na sinabi na ang libingan ay huwag iiwan sa loob ng tatlong gabi at tatlong araw. Ngunit palibhasa'y masungit ang panahon ay walang nagbantay kaya kinabukasan ng puntahan ng lola ng bata, na si Ginang Juana Vergara sa libingan ay wala doon ang ataol. At isang araw ay nakita ang ataol na lulutang-lutang na pasalubong sa agos ng tubig sa ilog ng Marigondon, Cavite, at unang nakakita ay nagngangalang Tomas Quiniquini.

(77) Makalipas ang ilang panahon ay naglibot ang Amang Illustrisimo na kaalakbay ang mga taong sumusunod sa kanya. At iyong dating nila sa probinsiyang Cavite ay nagpunta na sila sa Bayabasan sa nayon ng Loreta. Ngunit hindi agad sila tumuloy sa bahay ng Loreta at tumigil sila sa isang bahay at nahiga sa aluyan ang Ama at doon sila natulog. At noong sila ay namamahinga na ay may nagsabing boses sa Inang Loreta na narito na ang Amang Illustre at kasama ang kanyang anak na ipinangako sa kanya na pag-edad ng pitong taon ay ipakikita sa kanya. Pinapunta agad ng Inang Loreta ang Kompra at habang daan ay ang sabi ng Kompra: "kumpraeter, kumprado, kumpra dohin." At noong sumapit sa tinutulugan ng Amang Illustre ay sumagot ang Ama at sila'y nag-usap, ngunit sila lamang ang nagkakaintindihan. At noon nasaksihan ng mga tao na noong pagkakataong iyon ay kung ano ang sinabi ng Ama na pagpapakilala sa anak ng Inang Loreta ay siya ring sinabi at naririnig sa Inang Loreta, samantalang magkalayo sila. Kinabukasan, tumuloy na sila sa bahay ng Inang

Loreta. At nag-usap ang Inang Loreta at ang Amang Illustre. Ang tanong ng Ama sa Inang Loreta: "Ikaw ba ay may anak na namatay na ang pangalan ay Salvador? " Ang sagot: "Opo, Ama." Kaya ang tawag ng Loreta ay Ama, sapagkat siyang naririnig sa mga kasama ng Amang Illustre. Ang tanong na muli ay kung bago inilibing ay kanyang hinubaran, ang sagot ay opo. "Mayroon ka bang nakitang palatandaan na hindi mo malilimutan hanggang ngayon? " "Opo, Ama." "Sakaling makita mo ang bata ay makikilala mo pa? " "Opo." Tinawagan ng matanda ang batang kasama na anak ng Susana Reyes. At pagdating sa harap ng karamihan ay ganito ang sabi ng matanda: "Loreta, hubaran mo ng damit ang batang iyan." Palibhasa'y utos ay dali-daling hinubaran ng Inang Loreta ng damit ang batang si Jose at gayon na lamang ang kanyang pagkabigla. Lumuha sa galak na ganito ang sabi: "Ama, ito po ang aking anak na si Salvador del Mundo." "Loreta, bakit ang pangalan ng iyong anak ay Salvador? " "Sapagkat iyon po ang utos ng mahiwagang boses." Ang tanong na muli ng matanda: "Papaanong magiging anak mo ang batang iyan samantalang iyan ay anak ng Susana Reyes? " "Hindi po", ang matigas na sagot o pagtutol ng Loreta. "Ito nga po ang aking anak na si Salvador." Matapos ang kanilang usapan at pinatunayan ng Loreta na iyon ang kanyang anak at sila'y namahinga na. At sinabi ng Ama na iyong boses na nag-uutos sa Inang Loreta ay walang iba kungdi siya.

(78) Kinabukasan ay iniwan ng Amang Illustrisimo sa Inang Loreta ang batang si Jose upang ipagpatuloy ang misyon. Sa di inaasahang pagkakataon ay dumating ang Inang Loreta, kasama ang bata. Sinabi ng Inang Loreta sa Ama: "Akin na pong isinasauli sa inyo si Salvador." "Bakit? " ang tanong ng Ama. "Hindi ko po pala kayang alagaan ang batang iyan. Sapagkat sobra po pala kalikot ang batang iyan." "Bakit? " ang tanong na muli ng Ama. "Sukat po ba namang inunsihan ang paragos na panghakot ng niyog, pagkatapos ay sumakay sa paragos at ng wala ng makuhang niyog sa lupa ay pinaakyat ang kalabaw sa niyog. At doon namitas ng niyog sa itaas na nakasakay sa paragos. Naku po Ama ng panghihilambot ko, at ang sabi ko'y baba diyan at dali-dali namang pinababa ang kalabaw." Kaya noon ay hindi pumayag ang Inang Loreta na hindi ipagsama ng Ama ang bata.

(79) Kinabukasan ay lakad puntang Marigondon, nagparada sa harapan ng monumento at nagpaliwanag ang Ama. At noong makauwi ng bahay ay nanggamot ang Ama sa isang hindi nakakalakad. Ang pamamaraan ng panggagamot ay isinayaw ng isinayaw at ng makatapos ay saka pinalakad. Nagtaka ang maraming tao ng makita na nakalalakad na nga ang lumpo. Kinabukasan umalis puntang Arayat at dito nag-personal ang Maria Sinukuan at nakipag-usap sa kanila. Makatapos ng kanilang usapan umalis puntang Maynila at dito natulog. Kinabukasan umalis ang Ama at nagpunta sa Indang, Cavite, at doon tumuloy sa bahay ni G. Gavino. Makatapos makapagpahinga ay pumasok sila sa cueba sa barrio Daini ng Reyna Isaba. Si G. Octoman, Siproso at Fortunato ay pumutol sila ng kahoy na camagong sa ilalim ng tubig sa loob ng cueba. At ginawang pitong baston na tila tangkay na payong. Samantala, ang Ama ay nakabantay sa kanila sa pintuan ng cueba na kasama ang mga kantora. At habang sila'y pumapasok sa cueba ay tinugtugan sila ng banda ng musika at hinangaan sila ng buong bayan ng Indang sapagkat ang cuebang iyon ay napaka-delengkente. Malaking handaan ang naganap noon, ngunit ang tatlong kumuha ng kahoy ay hindi pinakain.
At nagkaroon noon ng isang pagmimiting ng mga pinuno ng iba't ibang samahan. At sa pagsasalita ng Ama ay sinabi ang ganito: "Mga kapatid, tayo ay pare-parehong papako sa crus, at kung sino sa atin ang kusang maka-alis sa pagkakapako sa crus ay siya ang tunay na Iglesia ni Cristo. Ako ang Ama at ito ang anak," at itinuro ang batang Illustre. Walang naka-sangayon sa kanilang pag-uusap. At ang sumunod na naganap doon ay nagkaroon sila ng paligsahan sa ilog ng Royo. At doon ay may naglagay ng matutulis na usiw sa gitna ng ilog at doon sila natalon. Ang ginawa naman ng Amang Illustre ay kumuha ng isang kawayang may buko at doon inilusot ang katawan at ulo. Pagkatapos noon kinabukasan sila ay nama-alam na at nagpunta naman sila sa Bailen. Nagkaroon doon ng kapulungan. Sinabi ng Ama, siya ang santong Moises, siya ang Haring David, siya ang Cristo, siya ang Rizal, siya ang Benigno Ramos, siya ang kapitan Kulas, at siya rin ang ika-pitong Illustre nitong buong mundo.

(80) Kinabukasan siya namang pag-aatang sa poder ni Mang Ignacio na taga-Cubao at si G. Octoman ang inutusan ng Ama na magsakripisyo sa matandang Igna. Pinasan siyang parang kahoy.

Isinandal ang mukha ng matanda sa pansol sa loob ng cueba ng may kalahating oras bago pinataob ng kalahating oras. Bago itiniwarik na ang ulo ay sa pumatak ding tubig nakalubog, nahawak ang paa sa itaas at iyon ay tumagal din ng may kalahating oras. Pagkatapos noon ay iniutos ng Ama na ilabas na sa cueba at ibilad ng patihaya sa initan ng kalahating oras. At itinaob ng gayon din katagal at saka pa ito natauhan.

(81) Noong matauhan na ay ipinakita naman ng matanda ang kaniyang magagawa. Pinakuha si G. Benito Octoman ng lupa sa loob ng cueba na nakalagay sa bao, saka pinahipan sa mga dalaga at binata. Tinakluban ng panyo, binasbasan, at ito'y naging kendi de limon, at ipinakain sa mga tao. Nagpakuha rin ng paklang ng niyog at ito'y pinagtilad-tilad. Iniluto at naging karneng baboy na pinaksiw. Nagpakuha pa rin ng paklang ng saba at ito'y naging karneng baboy na dinuguan ng maluto. Nasarapan din ang mga tao, iniulam at ang iba ay pinulutan. Nagbigay ng halimbawa ang Ama at sinabing "ang tandang na manok na maganda ang kaliskis ay tiyak na madadala sa sabungan, mapupustahan ng malaki. Ang baboy kung mataba ay handa ng binata." Kinabukasan iniwan ng Ama si G. Octoman, Mang Mino, Toning, Terie, Juana, Anica at Openg at nagpunta sa Maynila. At ang iniwan doon ay nagturo ng ehersisyo at panalangin sa mga taga-roon. At doon nila ginawa ang kantahing "Sa Bundok ng Banahaw." Tumigil sila doon ng may dalawang linggo.

(82) Samantala, ang Ama ay nasa Maynila, ngunit lingid sa kanilang kaalaman ay nagtawid ng Marinduque at nagpunta sa cueba ng Bathala at habang sila'y pumapasok sa cueba ay pinauna sa paglakad ang batang Illustre ngunit nang siya ay papasok na sa cueba ay may nakita siya na isang malaking tao na nakahiga na may kumot na puti. Kaya siya ay huminto sa paglakad at siya ay natakot ngunit malakas ang boses ng Ama at sinabing magpatuloy siya sa paglakad. Ngunit nag-atubili pa rin siya sa pagpapatuloy, datapua't nagsalita ang malaking tao, na, "Jose huwag kang matakot, pumasok ka na rito". Walang nagawa ang batang Illustre kundi tumuloy sa pagpasok.

(83) At noong sila ay makarating sa loob ay nakita niya ang malaking puting bato na sa pag-asa niya ay tao. At habang nag-uusap ang taong bato at ang Amang Illustre ay naggala ang batang Illustre at nakakita siya ng maraming maliliit na kabayo na

may nakasakay na mga tao. Sa tuwa niya ay kanyang hinuli ngunit hindi siya makahuli. Umisip ng ibang pamamaraan at ang ginawa niya ay tinisod niya ngunit hindi rin niya abutan. Nagpatuloy siya sa paglakad at nakakita siya ng isang tasang maliit na nakasabit, at ito'y napakaganda. Kanyang kinuha at isinilid sa bulsa at sa loob niya ay kanyang gagawing laruan. Noong sila ay aalis na ay pinauna uli siya sa paglakad, ngunit siya ay nagtaka at sa paglalakad niya ay sabit ng sabit ang bulsa na may lamang tasa. Inisip niya na ilipat ang tasa sa kabilang bulsa at muling lumakad siya, ngunit gayon din na sumasabit ang bulsa na may lamang tasa. Maya-maya ay may narinig siya na boses na nagbuhat sa loob ng cueba na ang sabi: "Jose, iwanan mo na iyang tasa at iyo ang lahat ng iyan pagdating ng panahon." Narinig ng Amang Illustre ang sabi ng taong bato, kaya sinabi sa batang Illustre na iwanan kung ano ang kanyang kinuha. Kaya wala siyang nagawa kungdi iwanan ang tasang gustong-gusto niyang laruan. Noong sila ay makalabas na ay saka sinabi ng Amang Illustre na "kung hiningi mo ang tasang nagustuhan mo ay kahit anong hilingin mo, iyon ay ibibigay sa iyo sapagkat mahiwaga ang tasang iyon." Namaalam na ang Amang Illustre at sinabing sila ay aalis na at sila ay babalik na sa Kinabuhayan, ngunit bago umalis ay nagbilin ang Amang Illustre at sinabing siya ay muling babalik.

(84) Umalis na sila at sinabi ng Amang Illustre, "tayo ay lalakad puntang Calatagan, Batangas." Noon ay taong 1937 at si G. Lauriano Guevarra, na hindi pa kasama sa pananampalataya ng Samahan ng Tatlong Persona Solo Dios, ay lagi siyang nasama kapag inaakit ng Amang Illustre kung saan man napunta. Ngunit ang hangarin lamang niya sa pagsama ay anting-anting. Minsan ay nagpunta sila sa lugong na may dala silang dalawang praskong alak. Ang lugong na ito ay pader na may dalawang butas at dito ay mayroong mina. At dito ay may nagbabantay na ang pangalan ay Arturo. At noong sila ay dumating doon, tumawag ang Ama at sumagot ang bantay. "Babarik ka ba anak? " Sumagot ang bantay na nasa pader nagbubuhat ang tinig ngunit hindi naman nakikita: "Opo Ama." Di nagtagal sila ay umalis na puntang Biga, Calatagan sa bahay ni G. Silvino Garcia. Noon ay kasama din nila ang dalawang taga-Malacañang na tauhan ni Presidente Quezon, na ang pangalan ng isa ay Albastro. At sa kanilang paglalakad ay ikinuwento kay G. Guevarra na noong panahong ang matandang

iyon ay nasa Palakpakin pa ay inutusan sila ni Pres. Quezon na kunin ang matandang iyon at isama sa Malacañang. Pumayag naman ang matanda at noong sila ay aalis na ay doon nila pina-upo sa hulihan ng kanilang sasakyan. Noong malayo na ang natatakbo ng kanilang sasakyan ay lumingon sa hulihan, ngunit iyong lingon nila ay wala ang matanda sa sasakyan. Kaya ang ginawa nilang dalawa ay nagbalik, at dinatnan nila na natutulog na ang matanda sa bahay na kanilang pinanggalingan. Ang ginawa nila ay ginising ang matanda at itinanong kung bakit nagbalik. At sumagot ang matanda at sinabi na hindi ako nagbalik kungdi ako'y inyong iniwanan. Muling inakit ng dalawa ang Ama, ngunit ang sabi ay "kayo'y umuna at ako ay inyong dadatnan na." Kaya sa galit ng dalawa, sila ay umalis na. Subalit noong sila ay dumating sa Malacañang ay dinatnan nila at natutulog na. Hustong nakatapos ang kuwento ay siya nilang pagsapit sa Biga sa bahay ni G. Silvino Garcia. At nakatagpo din ng Ama ang nakasama niya doon sa paghuhukay ng tuod na ang pangalan ay Meliton. At sinabi pa ng Ama na "kumusta ang niligawan kong dalaga na Canding ang pangalan? "

(85) Noong sila'y magkasama ng Meliton sa paghuhukay ng tuod ay hindi pa panahon ng Kastila. Nagkuwento ang Meliton ng kasaysayan ng kanilang pagsasama ng Amang Illustre sa Look, Lubang, na maraming kasama, at sila ay napalaban sa Kastila. Subalit sa taglay na kapangyarihan ng matandang Illustrisimo ay walang nabawas o napinsala man lamang sa kanila. At noong panahong iyon kapag hinabol sila ng Kastila ay hindi sila abutan sapagkat kung minsan ay hindi sila makita, sapagkat kapag sinabi ng Ama ng "dagat", ay karagatan ang kanilang nakikita. Kapag sinabing "kawayan" ay kawayan ang makikita. Kapag sinabing "ulap", ay ulap ang tumatakip sa kanila.

(86) Makatapos ng kanilang kuwentuhan ay umalis sila puntang Matabungkay. Sinabi ng Ama na siya ay naghukay din ng tuod sa lugar na ito; hindi sila makapaniwala dahil sa ang nakita nilang naghuhukay doon ay maliit na lalaki at hindi ang Amang Illustre. Ngunit sinabi pa ng Ama na Andong ang pangalan ng maybahay na kanyang tinutuluyan. At ang pangalan ng taong kanyang pinag-iwanan ng kanyang sueldo ng halagang ₱18, na hanggang ngayon ay hindi pa nakukuha, ay Damaso.

Pinatunayan ito ng Damaso na mayroon ngang nag-iwan sa kanya ng gayong halaga ngunit iba ang kanyang pagkatao kaysa kanila.

(87) Di nagtagal at umalis na sila ng Matabungkay at nagpunta sa Tanag, Lian, Batangas, at sa kanilang pagdaan sa bayan ng Lian, ang bati ng nakakakita sa kanila ay "me-e", na siyang ikinagalit ng kasama ng Ama. Ngunit sinabi ng matanda na "huwag kayong magalit sapagkat hindi nila nalalaman ang kanilang ginagawa, wala kayong kasalanan; sila ang may kasalanan". At ang isang nasaksihan ni G. Guevarra ay tuwing gagawa ng pera at tatawagan ng matanda ang kanyang anak na si Jose at kapag kaharap na ay hahagpusin ng matanda ang kanyang balbas at pagbukas ng kamay ay may pera na. Sumapit ang gabi at sinabi ng Ama na matulog na ang lahat ng tao. At noong ang Amang Illustre ay nakahiga na rin ay nasaksihan nila na may maliliit na liwanag na gumagala sa boong katawan ng Amang Illustre. Ang gagawin ng batang Illustre ay sisiping sa Ama at kung saan nadaan sa parte ng katawan ng Ama ang liwanag na parang ilaw ay doon ihaharang ang kanyang kamay, ngunit ito ay hindi mahuli.

(88) Kinabukasan ay sinabi ng Ama na ang unang gagawin ay ang cueba sa Tanag. Ginawa ang templo sa Tanag, ang mga taong nagsipaghukay ay mga taga-Balibago, Luntel, Palingkaro at Lian. Umalis uli ang Ama ngunit sinabi na ipagpatuloy ang paghuhukay. Di nagtagal bumalik na muli, nag-misteryo, nagalit kay Inay Sana dahil nagligalig sa pagkain. Pagkatapos noon pinatulog na ang mga tao. Kinaumagahan muling ipinagpatuloy ang paghuhukay at pagbubutas ng cueba, ngunit habang hinuhukay nila ang malaking bato, ay nakita nila na nakaliban na ang Ama sa kabila ng bato na hindi nila nakikita kung saan dumaan. At noong nahukay ang bato at alisin ay nakita nila na nakaupo na ang Ama sa inalisan ng bato. Agosto 7 noon pinaahon sa cueba ang mga tao upang manalangin at sa kanilang paglakad paahon ay pinauna sa paglakad ang mahihina at nasa hulihan ang mabibilis lumakad. Ang ginawa ng Ama ay sinilaban ang kugunan sa baybay daan, kaya noong magpanakbuhan, ay walang mahinang naiwan. Natuwa ang Ama at sinabing "marakulyo, ang sabi ninyo mahihina kayo; o bakit ngayo'y kabibilis ninyo? " Noong makarating sa cueba ay nanalangin ng pang araw-araw at noong matapos ay dumapa ang Ama at pinadapa din ang mga tao sa damuhan, sa

harap ng templo. At sinabi ng Ama na "kung hindi gagawa ng cueba ay walang kaligtasan, dahil walang papasukan."

(89) Pagkatapos nagpunta ng Balibago at ginawa ang cueba sa Balibago. At noong hinuhukay na ay sinabi ng Ama na "sa makatuwid ng kahoy ay makakakita kayo ng dalawang butas at mayroon kayong makukuha." At sa kahuhukay nga nila ay natagpuan nila ang dalawang butas at nakakuha sila ng bungo at bayugo ng tuhod na maliit at iyon ay iningatan ni G. Poruso.

(90) Kinabukasan ay nagbalik na muli sila upang ipagpatuloy ang pagpapaluang ng cueba. At kasama nila ang Amang Illustrisimo at si Don Jacobo na may-ari ng hacienda sa Calatagan, Batangas. At noong sila ay makarating sa lugar na kinatatayuan ng cueba, ay sinabi ni Don Jacobo na ipagkakaloob niya ang ilang hectaryang lupa na masasakupan ng cuebang ito. At gayon na lamang ang nadamang kasiyahan ng mga tao ng marinig sa mayamang Kastila ang ipagkakaloob na ilang hectaryang lupa na masasakupan ng cueba.

(91) Ngunit ang Amang Illustrisimo ay may hinugot sa kanyang baywang na isang bilot na papel at noong kanyang buksan ay gayon na lamang ang pagkamangha at pagtataka ni Don Jacobo Zobel sapagka't ang papel na hawak ng Amang Illustrisimo ay katibayan o titulo ng bansang Pilipinas. Tinapik ng Amang Illustrisimo ang tiyan ni Don Jacobo at sinabing: "Don Jacobo, tandaan mo at pagdating ng panahon ay iluluwa mo ang hindi iyo." Matapos ang kanilang usapan, sila'y nagsi-uwi na. At matapos na mapalaki ang cueba ay noon ding panahong iyon binutas at pinaluang ang cueba sa lugar ng Tibig na sakop din ng Balibago, Calatagan, Batangas.

(92) Kinabukasan, lakad puntang Tuy, Batangas, kumuha ng pahintulot at nagparada sa monumento. Nagpaliwanag ang Ama, at nang makatapos, nanggamot sa isang lumpo. Kinabukasan naglakad puntang Palingkaro at sa bahay ng mga Apasan nagtuloy. Nang nasa Palingkaro na, namaalam ang Ama papuntang Maynila, ngunit doon din bumalik sa Palingkaro. Nang makabalik naglakad na uli puntang Bayabasan, hanggang Kaylaway, pagdating dito ay nanalangin. Kinabukasan lakad uli puntang Nasugbu, kumuha ng pahintulot, nagparada sa harap ng monumento, nagpaliwanag ang Ama. Ng makatapos, naglakad puntang Wawa, nanalangin,

nagpaliwanag ang Ama. Kinabukasan, lakad uli puntang Lian sa bahay ng Zacarias Cabali tumuloy, kumuha ng pahintulot, nagparada sa harapan ng monumento, at ng matapos, sa bahay ni G. Victor Bundok natulog. Kinaumagahan, lakad uli puntang Tanag sa bahay ng Monte Alegre. Kinabukasan, lakad puntang San Diego, nagbalik ng Lian.

(93) Makalipas ang isang buwang pamamalagi sa lugar ng Batangas, ay nagbalik ng Gagalangin, na inihatid ng truck ni G. Victor Bundok. Makailang araw balik ng Kinabuhayan, ipinag-patuloy ang pagtitibag ng templo ng Kinabuhayan, ngunit nagkaroon ng interes si Paruparo Engenero, sapagkat ang tingin nila ay panay na lantay na ginto, kaya tinarato nila na babayaran ang templo. Ngunit ang ginawa, sa halip na bayaran ang templo ay pinapagsilid ng bato at lupa sa loob ng labing dalawang tapayan at lihim na inilabas at dinala sa Maynila, ngunit noong dumating ng Maynila ay nawalan ng saysay ang dinalang bato at lupa. Ang Laguardia naman ay nagkaroon ng interes na siya ang maging pangulo ng Samahan upang mapasa-kanya ang kayamanang nakatago sa bundok. Ngunit siya ay pinangunahan ng Ama, na siya ang magiging pangatlong pangulo ng Samahan.

(94) Sumunod na binutas ay ang cueba sa silong ng Central at sa cuebang iyon kinuha ang kahoy na dignum na siyang ginagawang baston at daga na ginagamit sa pag-ehersisyo. At ang gumagawa ng baston at daga na ginagamit ay ang dalawang matandang Costan at Candino. At ang cuebang ito ay may kabagsikan, kaya ang nalabas na mga nagtatrabaho ay napapasubsob at nahihilo. Sa cuebang ito ay may tubig sa ilalim na ang sabi'y iyon ay dagat, at nasaksihan noon na sa loob nito ay may maririnig na natilaok na manok. Ang sumunod na binutas ay ang cuebang mabango. Ang kasama ay limang Letra. Habang ang cueba ay hinuhukay ay dito namatay ang Openg, dahil sa gumuho ang lupa at natabunan. Kinuha siya ng Ama, ibinabad sa Kinabuhayan, pinag-salmusan hanggang sa mabuhay. Ipinatigil ang paghuhukay at ang Ama ay naglibot. Ngunit bago umalis ang Amang Illustre ay may iniwang salita sa mga taong maiiwan sa lugar ng Kinabuhayan, na ang sabi ay ganito: "Mga anak, ako ay aalis, ngunit ang sabi ko sa inyo ay kung saan ko kayo iniwan ay doon ko kayo dadatnan." Subalit habang ang Ama ay nasa paglilibot ay sumama ang panahon, lumakas ang hangin at ulan. Noong panahong iyon ang mga bahay

na barong-barong ng mga iba't-ibang balangay ay nasa baybay ilog ng Kinabuhayan. At sa isang barong-barong sa may balukanag na malapit sa tabing-ilog ay may nakatirang dalawang matanda at dalawang dalaga. Ang pangalan ng dalawang matanda ay Toyang at Pile. Ang dalawang dalaga ay Tarciana at Ana. Ngunit dala palibhasa ng kalikasan ay patuloy ang pagsungit ng panahon; sila ay pinuntahan ng kanilang mga kasamahan at sila'y pina-aalis na sa bahay sa tabi ng ilog. Ngunit ayaw silang umalis at ang sabi ay may habiling salita ang Ama bago umalis na "kung saan ko kayo iniwan ay doon ko kayo dadatnan." Gayon pa man ay pina-alalahanan pa rin sila at sinabing ang salitang iyon ng Ama ay nauukol sa bahagi ng espiritual. Ngunit ayaw ring maniwala at hindi rin umalis.

(95) Ngunit sa di inaasahang pagkakataon ay siyang pagdating ng Amang Illustre. At noong malaman na ang barkada ng Pile ay ayaw umalis doon, ang Ama'y nagulumihanan at ang sabi'y "marakulyong mga bata ito at magpapakamatay." At dali-daling nagpunta sa tabi ng ilog. At iyong dating niya sa pampang ng ilog ay nakita niya na nadadala na ng baha ang bahay, kaya siya ay tumalon sa baha upang sagipin ang mga malulunod. Ngunit iyong talon sa baha ay kitang-kita na ang Ama Illustre ay nagulungan ng malaking bato at nadaganan. Ang mga tao naman na nasa baybay-ilog ay patuloy sa kanilang pagdarasal. Ngunit ang iba ay lumuluha sa pangambang baka sakaling ang Ama ay hindi na makabalik ng buhay.

(96) Datapwa't makalipas ang ilang oras ay gayon na lamang ang kanilang katuwaan ng makita ang Ama ay naglalakad patawid na muli sa ilog, ngunit wala na iyong apat at nadala na ng baha. Apat na araw bago humupa ang tubig, at ang bangkay ng Ana ay doon nakuha sa tapat ng Templo na nakasabit pa rin sa baraso ang bag na may lamang balatong, at ito ay sumibol na. Ang bangkay ng dalawa, Toyang at Tarciana, ay sa may Colegio nakuha. At ang Pile ay sa Sta. Isabel, na wala na ang damit at putol na ang isang hita. Kaya noong punahin ng mga taong nakakita na napakaganda ng suso ng matanda at parang sa dalaga, ito ay napahiyang parang buhay at ito ay tumagilid.

(97) Di nagtagal makalipas ang pangyayaring iyon, ang Ama ay umalis ng Kinabuhayan, puntang Marigondon sa nayon ng Mamba sa bahay ng Quiniquini. Kinabukasan lakad puntang Naic

sa nayon ng Hulugan, Tanza, Cavite, at sa parang pinatulog ang mga kasama. Makalipas ang gabi sumakay puntang bayan ng Cavite at tumuloy sa isang bahay na kakilala ng Ama. Nangaral ang Ama ng nauukol sa pananampalataya at nanggamot. Kasalukuyang ang Ama ay nanggagamot noong dumating ang isang matandang babae. Tinanong ng Ama kung nakikilala siya ng matanda, ang sagot ay "hindi po." Nagpakilala ang Ama at sinabi na noong panahong iyon ay nanirahan siya doon at siya ang asawa ng matandang babae. Kaya noong mapatunayan ng matandang babae na iyon ang kanyang asawa ay yumakap na at umiiyak. Kinabukasan lakad puntang Maynila sa Gagalangin sa bahay ng Tomas Martinez nagtuloy. Kinagabihan sinabi ng Ama, "tayo ay pupunta sa Olibete." Kaya kinabukasan umpisa ng lakad puntang Norte. Sa bayan ng Laur tumigil. Humingi ng pahintulot sa munisipyo at nagparada sa monumento. Nagpaliwanag ang Ama, makatapos ng paliwanag ay nagdaos ng panalangin sa loob ng simbahan ng Aglipayano. At habang nananalangin ay sinabayan ng malakas na ulan. Humanga noon ang buong taong bayan sapagkat bukod tanging ang mga kalye lamang ang binahaan. Pagkatapos ng panalangin ay nagtalumpati ang Tomas Martinez, Servillano Jota Maris at Manuel Payomo. Makatapos ng talumpati ay humupa na rin ang tubig. Nasaksihan din noon na habang ang Ama ay natutulog ay inaawitan ng mga cantora, kasabay din ng mga oras na iyon ay nananalumpati ang Amang Illustre sa meeting ng isang baryo. Nasaksihan din na ng mga oras na iyon ay nangangaral sa mga tao sa harap ng isang tindahan. At sa gayong nasaksihan ng mga tao sa kanilang paguusap-usapan ay sinabi na ang matandang iyan ay may tatlong katawan. Kaya ang Amang Illustre ay tinagurian na hari ng mga enkanto.

(98) Kaya't isang araw ay dumating ang Amang Malumbay na pinuno ng Samahan o pananampalataya ng Adarnista sa bahay nina Benito Octoman na kasama ang Amang Illustre. Makatapos makakain at makapag-pahinga ay ipinakilala naman ng Amang Malumbay ang kanyang kasama. At nagpakilala naman ang matanda at sinabing ang pangalan niya ay Agapito Illustrisimo na tubong Bantayan, Cebu. At tuloy nagkuwento ang matandang Illustrisimo at sinabing labing pito pa lamang ang bahay sa Maynila noong silang dalawa ng Amang Malumbay ay magkasama na at noong siya ay pari pa, at ang kanyang sakristan mayor ay ang Amang

Malumbay. Makatapos makapagkuwento ng maraming bagay sila ay pinangaralan at sinabing manampalataya sa Diyos at maki-isa sa kapwa tao. Makatapos makapangaral ay inilakip na ang pamamaalam at umalis na. Kinabukasan dumaan sa cueba ng Olibete at binuksan ang cueba ng Adarnista. At nagpatuloy na ng Kinabuhayan.

(99) Makalipas ang ilang buwan nagbalik na muli ng Olibete, at pinagbibigyan na sila ng panalangin. Cuatro Pilares, Santong Espiritu, Oh Dios na Ama, Pasalamat sa Umaga, at Ayp Secolomdom. Makatapos maibigay ay ipinalista ng Ama ang lahat ng kasapi at pinatubos ng rihistro. At sinabi na "huwag kayong magbabahay ng malaki, manatili sa maliit, sapagkat darating ang lindol at ang bahay na malalaki ay magigiba at mangamamatay ang marami." At matapos ang pangangaral, kinabukasan ay umalis na at umuwi ng Kinabuhayan. Isang araw ng Biernes ay may narinig ang mag-anak ng Benito Octoman na boses, umaawit ng Santong Espiritu, matinis at maalaloy ang estilo, ngunit hindi malaman kung saan nagbubuhat, kaya hinanap; wala sa kisame, wala rin sa silong, kaya tumigil na sila sa paghahanap at pinakinggan na lamang hanggang sa matapos.

(100) Taong 1938 nagpalit ng rehistro at mga pamunuan. Ang mga itinayo at ipinatala sa rehistro ay "SAMAHANG ESPIRITUAL MAY KATAHIMIKAN MAY KASARINLAN SA BUNDOK NG BANAHAW" Pangulo— Ginoong Venancio P. Wagan, Kalihim— Jesus Detaunan. Itinakda noon ng mga bagong tatag ng mga pamunuan na ang magpapapista sa ika-27 ng Agosto ay ang Adarnista. Marami ang naging gawain noon sa Kinabuhayan. At nasaksihan noon na matanda at bata, mga dalaga at binata, ay tulong-tulong sa paghahakot ng materiales na gagawaing Central, mga hapag-kainan, mga pag-patag ng daan, ginawa ang karsada sa baybay pader buhat sa Kinabuhayan hanggang kolegio, ang inatasan ng Ama na gumawa ay si Venancio Wagan at ang Amang Malumbay at ang ibang mga kasama. At noong sumapit ang kaarawan ng piesta ay napakasaya. Maraming tao, may banda ng musiko, tugtugan, awitan, sayawan, may kainan, abot ang paputok, prusisyon sa Kolegio, paliguan, parada ng mga nagseserbisyo, programa, pagmimisteryo at pangangaral ng Ama. At noon ay hindi lilimampung mga tao ang nilangkapan ng espiritu at nasaksihan din noon na pati ang malalaking bato sa lugar ng Kinabuhayan ay

nagsisipag-salita. Makalipas ang ika-27 ng Agosto, sinabi ng Ama: "Ako'y aalis puntang Batangas at inyong ipagpatuloy ang paghuhukay ng cuebang mabango." Ngunit ipinagbilin din na sa oras na maka-amoy ng mabango ay itigil na ang paghuhukay.

(101) Ilang araw pa lamang ang pamamalagi ng Ama sa Tanag, Lian, Batangas, ay tumawag ang espiritu ng "Rosa" at sinabing siya ay patay na. Umalis noon din ang Ama puntang Kinabuhayan at dinatnan nila na patay na nga ang Rosa at naka-burol na. Inusig ng Ama kung ano ang dahilan ng pagkamatay at sinabi ng mga tao na "pinakialaman niya ang mabangong tubig sa cueba." Matapos malaman ng Ama ang mga bagay-bagay ay pinabihisan ang patay ng baro at saya, at matapos mabihisan ay sinabi ng Ama na "bumangon ka", bumangon nga ang patay, at noong makabangon na ay pinag-ehersisyo ang mga dalaga at pinapang-gitna si Rosa, na kanina lamang ay nakaburol pa.

(102) Makalipas ang ilang araw ang Ama ay nagbalik na muli ng Batangas, kasama ang mga Letra. Unang pinag-paradahan ay ang bayan ng Lian. Nagprusisyon muna sa loob ng bayan bago nag-ehersisyo. Nagpaliwanag noon ang Ama. Kinabukasan lakad puntang Nasugbu, kumuha ng pahintulot sa munisipyo, nagparada sa harap ng monumento. Pagkatapos sa Nasugbu pumunta ng Balaytigue at nagdaos ng parada. At habang nag-eehersisyo ay lumapit ang isang matandang babae sa Ama, yumakap at umiiyak. Ang matandang ito ay si Inang Opong na asawa ng Ama noong ang pangalan ng Ama ay Kulyog pa. Takang-taka ang matandang Opong dahil noong panahong iyon ay sa kanyang sinapupunan namatay ang Ama. At siya ang nagpalibing. Ang matandang babae ay kubang-kuba na. Hinagpos ng Ama ang likod at biglang tinapik, napasigaw ang Inang Opong sapagkat siya ay napahiyad na medyo patingala. Kaya muling hinilot ng Ama at idineretso siya ng tindig. At gayon na lamang ang pasasalamat ng Inang Opong.

(103) Kinabukasan umalis puntang Maynila at muling nagparada sa templo ni Solomon kasama ang mga kapatiran sa Batangas na mga walang sapin sa paa, at nakatagpo rin doon ang barkada ng Adarnista na ang nagdadala ay ang Wagan. Pagkatapos sinabi ng Ama na sila ay aalis na. Ngunit ng malaman ng Tomas Martinez na aalis na ang barkada ng Ama ay lumapit sa Ama at sinabi ang ganito: "Ama, kung maari po ay inyo ng iwanan ang

inyong anak na si Jose. Sapagkat siya'y nasa hustong gulang na para mag-aral, at dito na siya papag-aralin." Ang sagot naman ng Ama ay "siya ang iyong tanungin." Ngunit noong ang bata ay kanilang kausapin ay ayaw pumayag na siya ay patitirahin dpang siya ay papag-aralin. Kaya noong ang Ama ay umalis ay kasama rin ang batang si Jose at nagtuloy na sila ng Kinabuhayan. Di nagtagal sa Kinabuhayan at muling naglakad puntang Maynila. Noon nag-parada sa Malacañang, lahat ay walang sapin sa paa. At libo-libong mga tao ang sumaksi at dumalo noon. Noong panahong iyon gumalang sa Amang Illustre ang Pangulong Quezon. At ito ay napalathala sa Tribune o pahayagan noong taong Hulyo 21, 1938.

(104) Makatapos noon umalis, nagpuntang Batangas, nagtuloy sa munisipyo ng Tuy at noong malaman ng Torio Tripoli na naroon ang Amang Illustre ay pumunta sa munisipyo at humingi ng pahintulot sa alkalde Calingasan na ipagsama ang Ama. Ang sagot ng alkalde ay "kung nasama sa iyo, ay iyong ipagsama." At sumama naman ang Ama sa paanyaya ng Tripoli. Noong panahong iyon ang Francisco Tripoli ay may sakit at may isang taon nang hindi nakakabangon. At iyon ang kanilang ipinagtataka, sapagkat iyong dating ng Ama sa bahay ng Tripoli ay tinawag ng Ama ang pangalan at sinabing "bumangon", gayong hindi naman ito nakikilala at hindi pa nakikita. Sa gayong sinabi ng Ama ay nakabangon nga ang may sakit. At noong pumanhik ang Ama sa bahay ay sinabing maupo sa kaban, at ito nga ay nakayang umupo ng walang umaalalay. Noong nakaupo na ang may sakit ay sinabi ng Amang Illustre na "maghanda ka at ikaw ay kasama pagpunta ng Marinduque ". Ngunit ang sagot ng may sakit ay "papaano po ako makakasama, ako'y mahina pa? " Ang ginawa ng Ama ay hinilot-hilot ang may sakit at ito ay tuluyan ng nakalakad. Umalis ng Tuy puntang Balibago. Dumating ng Balibago nagparada at pagkatapos ay bumalik ng Tuy at nagparada sa mga karatig nayon, tuloy ng Palingkaro. Umalis ng Palingkaro, punta sa bayan ng Bailen. Pagkarating ay nagparada.

(105) Isang araw ay inanyayahan sila ng Inang Loreta na mag-parada sa Lobo, Marigondon at Magallanes. Makatapos dito sinabi ng Ama na mag-parada sa bayan ng Batangas. At habang sila ay naglalakad puntang Batangas ay umulan ng napakalakas at sila ay basang-basa. Di nagtagal at lumipas ang ulan at sumikat naman ang araw ng napakainit, kaya napaka-daling natuyo ang kanilang damit. Pagkarating, nagdaos ng parada. Pagkatapos ng parada sinabi ng Ama "tayo ay tatawid puntang Marinduque".

Kaya noon din ay umarkila sila ng batil. Alas 4:00 ng hapon, umalis sila ng pier. Ngunit noong mag-alas 6:00 ng hapon ay sumungit ang panahon at sumigwa na ang dagat. Habang nanakbo ang batil, ang Ama ay nahiga. Tumagal ang sigwa hanggang kinabukasan ng hapon. At nagsipag-suka ng lahat ang kasama ng Ama. Sumadsad ang bangka sa isang nayon na sakop ng Gasan, Marinduque, ngunit wala agad silang matuluyan.

(106) Lumapit ang Ama sa isang pinakamalapit na bahay at naki-usap na sila ay makikituloy muna dahil ang kanyang mga kasama ay nanglalambot na. Malugod namang tinanggap sila ng maybahay at sila'y pinapahinga. Makalipas ang kaunting oras ng pamamahinga ay sinabi ng Ama na "magbihis na kayo at magdadaos tayo ng parada." At noong sila ay nageehersisyo na ay mayroong mga natutumba dahil sila ay mga nanglalambot pa. Marami ang nagtataka na may halong pagka-awa ang mga nanonood sa kanila. At noong makita sila ng kapitan ay lumapit at nakiusap sa Ama na sila ay doon na matulog sa kanila, "kaya nga lamang ay maliit ang aming bahay kaya ang iba ay sa silong na at ang iba ay sa cuadra ng kabayo mamamahinga." At pumayag naman ang Ama. Kinabukasan ay namaalam na sila sa kapitan na sila ay aalis na. Umarkila sila ng kalesa dahil sa mga kargada at ang mga tao ay naglakad na puntang Buac. Makarating ng Buac ay namahinga at makalipas ng kaunting oras ay nagparada. At samantalang sila ay nagpaparada ay lumapit ang isang matandang babae sa Ama at ang sabi ay nakikilala niya ang Ama.

(107) Ang Ama ang unang nagtanong sa kanya. "Di ba ikaw noong una ay may utusang isang lalaki, na binigyan mo ng isang amerikanang pikasin? " Ang sagot ng matandang babae ay "Opo", at ang matandang iyon ay nakisama na sa mga taong pupunta sa cueba, kaya siya ang naging pator papunta sa cueba ng Ama sa Marinduque. At sa kanilang paglakad ay may nadaanan silang isang nayon, at dito'y nakiusap ang pator na sila'y ipaghanda ng pagkain. Tinanggap naman ang kanilang pakiusap at dali-daling pagluto ng pagkain. Matapos maihanda ng maybahay, ay naghain. Pinadulog na ang mga nagseserbisyo. At pinasimulan na ang panalanging "Santong Espiritu". Natatapos ang panalangin ay siya namang pag-mimisteryo ng Ama. Kaya wala ng nakakain sa kanila at sila'y lumakad na papunta sa cueba. Nagpalipas ng ilang gabi sa cueba at doon ay nag-misa ang Ama. Pagkatapos ng misa sinabi ng Ama:

"tayo ay aalis na." Umalis ng cueba at sa Pulo nagpunta. Pagkarating ng Pulo nagparada, pagkatapos nagtuloy ng Yawe, at nagpalipas ng ilang araw sa lugar na ito. Umalis ng Yawe, daan ng Lucena, tuloy ng Marinduque. Noong nasa Marinduque na ay nagdaan sa cueba dito, nagtuloy sa Sta. Cruz, Marinduque, sa bahay ng Sergio Lace. Iniwanan dito ang pitong mga kasama at nagbalik sa Kinabuhayan at nag-fiesta. Noong makapag-fiesta umalis ng Kinabuhayan puntang Palingkaro. Ministeryo ng Ama ang mga tao habang naglalakad at ang sabi'y, "gusto baga ninyo na magkaroon ng Kasarinlan? " Sagot ng mga nadadaanan, "Opo". "Kung gayon ang lahat ninyong kayamanan ay ibigay sa akin". Makarating ng Palingkaro ay sinabing "tayo ay tatawid uli ng Marinduque".

(108) Umalis ng Palingkaro at naglakad hanggang Batangas, Batangas, at dito kumuha ng biyahe hanggang Marinduque. Dalawang gabi na naglayag ang sasakyan sapagkat masama ang panahon. Lumapit sa Ama ang isang pahinante ng sasakyan at sinabi kong sila ay tatabi. Ang sagot "huwag kayong mag-ala-ala at ako ang bahala." Di nagtagal at sumadsad ang sasakyan sa isang nayon na sakop ng Gasan, Marinduque. Pagkarating dito pinagbihis ang mga nagse-serbisyo at pinapagehersisyo na. Nang makatapos na ng parada, kumain, at pagkatapos ay sinabi ng Ama: "humingi kayo ng pahintulot sa bayan at tayo ay magparada doon". Nang makakuha ng pahintulot ay nagparada sa harap ng monumento at nagpaliwanag ang Ama. Pagkatapos ay sama-sama silang lahat papunta ng Boac at sa munisipyo nagtuloy at doon natulog. Kinabukasan nagprusisyon at tuloy nagparada sa harapan ng monumento, at nagpaliwanag ang Ama. Kinabukasan kinumbida ang Ama at ipinagsama sa cueba. Ngunit nagmisterio ang Ama sapagkat gumawa ng pera, upang ipamasahe papunta sa nangumbida. Kaya kinahapunan ay nakabalik din sila. Kinabukasan lakad uli papuntang Mogpog, Marinduque. Kumuha ng pahintulot para makapagparada. Nang makatapos ng parada nagtuloy sa cueba ng Bathala.

(109) At noong sila ay nasa cueba na, nagtanong ang Ama ng ganito: "sino sa inyo ang hindi makatatagal na hindi kakain ng kanin? " Walang sumagot noon, kaya iniutos ang hindi pagkain ng kanin. Kinabukasan pumasok sa cueba at sa ilog dumaan. Ng makatawid na dito ay napansin na wala ang dalawang

matandang babae. Kaya ito ay hinanap ng mga kasamahan, at noong kanilang matagpuan ang dalawa ay patay na. Nabalitaan ito ng mga constabularyo at ito ay kinuha doon. Ngunit tinanong ang Ama ng ganito: "Kasama ba kayo ng mga mamatay na iyan? " Ang sagot ng Ama ay "hindi, at kung ako ay kasama hindi na ninyo ako matatanong". Hindi na sumagot ang mga constabularyo at ipinadala na ang patay sa bayan ng Sta. Cruz, Marinduque, at sa simbahan ipinatuloy para pabasbasan sa pare. Ngunit ayaw basbasan ng pare sapagkat sinabi ng mga kasama na wala silang perang ibabayad. Kaya sinabi ng Ama: "Kasama, tayo na", at iniwanan nila ang patay. Hinabol ng pare ang Ama at sinabing: "na ito po ang halagang ₱15.00 piso at aking babasbasan at inyo ng dalhin ang patay". Kaya noong mabasbasan ay dinala na sa sementeryo ang patay. Ngunit ayaw ipabaon ng sanidad at ang ginawa ay tinistis at binaak ang patay. Nagalit ang Ama at sinabing "kung hindi ninyo binaak iyan, bubuhayin ko." Kaya ang sabi ng Ama ay "kayo ang pumatay diyan". Dinala ang Ama sa munisipyo at doon pinakain, at noong makakain ay saka inimbistigahan. Ng matapos ang imbistigasyon ay nagbalik na uli sa Bathala at kinuha ang Ina sa Karagatan. Ng makuha nagbalik na, at sa Lucena nagdaan. At tuloy ng Kinabuhayan. Noong nakarating ng Kinabuhayan, tinapos ang pagbubutas ng Eden, at noon ibinigay kay G. Victor Bundoc ang Ina sa Karagatan.

(110) Taong 1939 lumusong ang Amang Illustre sa Malinao, tumuloy sa bahay ni G. Teodolo Monsalud. Nagkaroon ng parada sa Malinao ang mga nagseserbisyong Limahan, Pitong Bertudes, Angelica at Angelico. Nagtalumpati ang Amang Illustre, Venancio Wagan, Vellano, Tomas Martinez. Pagkatapos nagkaroon ng kapulungan, nagtayo ng pamunuan: Pangulo Julio Coronado, Pangalawang Pangulo Teodulo Monsalud, Sangunian Gregorio Condino. At noong maitayo ang pamunuan iniutos ng Amang Illustre ang paggawa ng bandera ng Samahan ng Tatlong Persona Solo Dios. Kinabukasan ay umalis ang Ama at nagpunta ng Kinabuhayan. Ngunit di nagtagal at sinabing siya ay pupunta ng Mauban, dumaan ng Nagcarlan at naglakad papuntang Liliw, inabot ng gabi at sa munisipyo natulog. Alas 2:00 ng umaga umalis ng Liliw, sumakay sa trak ng panghakot ng niyog. Umaga ng dumating ng Mauban. Noong makarating humingi ng pahintulot sa mga taong munisipyo upang makapagdaos ng isang

palatuntunan sa harapan ng monumento. At sa pagpapatuloy ng mision ay nanggagamot ang Amang Illustre. At may ginawang kahima-himala sa kanyang panggagamot, sapagkat may isang babaing lumpo. Inutusang tumindig at noong makatindig na ay inakbayan hanggang tuluyan ng makalakad.

(111) At habang nagmimision sa Mauban ay sumubaybay naman si G. Maximo Cena, at noon siya nakasaksi ng mga ginawang milagro ng Amang Illustre. At noon lamang siya nakarinig ng boses na kailanman ay hindi pa niya naririnig. Noon niya narinig na isinalaysay ng Amang Illustre ang lahat ng naganap sa Mauban bago naglanip ang tubig. Noon ay may isang kasayahan na idinaos sa isang bahay sa tabi ng ilog, sayawan, kantahan, inuman. Ngunit sa di inaasahang pagkakataon ay may dumating na isang matanda na may kasamang isang aso at isang pusa na nakasakay sa isang putol na bangka. Ang matanda ay nagbigay ng babala sa mga tao, na ang sabi ay "itigil na ninyo ang inyong kasayahan at kayo ay magsipag-dasal, umiwas kayo sapagkat lalaki at maglalanip ang bayang ito, palibhasa'y mainit ang panahon." Kaya sila'y nagtawanan at ang matanda ay hindi nila pinaniwalaaan at sinabing ang matandang iyan ay naloloko lamang. At noong matapos na ang pagbibigay ng babala ay umalis na ang matanda. Palibhasa nga sila'y hindi maniwala ay patuloy pa rin ang kanilang kasayahan.

(112) Ngunit sa di nga inaasahang pagkakataon ay lumakas na ng lumakas ang ulan, hanggang sa bumaha at maanod ang bahay at nadala ang mga nagsasayawan at mga nagiinuman. Ang lahat ng ito ay narinig ni G. Maximo Cena na isinalaysay ng Amang Illustre, at sinabing ang matandang sakay sa putok na bangka ay walang iba kungdi ang Amang Illustre.

(113) Makatapos dito, lakad uli pabalik, nagdaan sa Balugbugbaboy, at dito nagpalipas ng dalawang gabi. Kinabukasan lakad uli puntang Lucban. Noong makarating humingi ng pahintulot at nagparada. Kinabukasan lakad uli puntang Tayabas at nagdaos dito ng parada at dito inabot ng bagong taon. Makalipas ang bagong taon, nagsakay na puntang Kinabuhayan. Dumating ng Kinabuhayan, nagtayo ang Amang Illustre ng tatlong Jose, at tatlong Maria. Ang inilagay na tatlong Jose ay si G. Jose Illustre, Jose Lagan at Jose Villareal. At ang tatlong Maria ay sina Bb. Maria Coronado, Maria Oflaria, Maria Dimapilis. Matapos na maitayo ay nagdaos ng parada at programa sa harapan ng templo.

Matapos ang programa ay nagpunta sa Bukal ng Kinabuhayan at ibinabad sa tubig ang tatlong Jose at tatlong Maria at kinakantahan ng pitong Birtudes. At habang sila'y nakababad ay pinaliguan ang lahat ng mga tao, at pagkapaligo ay pinaiinom ng pitong lagok ang bawat isa.

(114) Lumipas ang isang linggo at nagfiesta ng 27 ng Agosto at dumalo ang maraming tao. Kasalukuyan noong nagbarik ang Amang Illustre, Alejandro Condino, Pedro Condino sa Central ng mga taga-Yawe sa lugar ng Kinabuhayan, at kasalukuyan din namang nagtatalumpati ang isang matanda sa harap ng maraming tao sa plaza ng Templo. Sinabi ng Amang Illustre kay Cecilio Condino na tingnan kung sino ang nagtatalumpati. Bumalik si G. Cecilio Condino at sinabi na ang Amang Illustre ang nagsasalita. Ang sabi ng Amang Illustre ay "yayabang ng mga marakulyong ito, sasabihing ako ang nagtatalumpati samantalang ito at ako ay kabarik ninyo dito". Tumindig ang Amang Illustre at pumunta sa templo at nawala na rin ang nagtatalumpati sa harapan ng Templo. At sumunod na ang mga maraming tao papunta sa templo.

(115) Makarating ng templo ay nagmisteryo ang Amang Illustre. Pinahiga ang mga tao sa plaza ng templo, at saka naman bumuhos ang napakalakas na ulan. Makalipas ang ilang sandali ay pinabangon na ang mga tao at pinapunta sa Kinabuhayan. Noong makarating sa Kinabuhayan ay pinasan ng Amang Illustre si G. Luis Odnemer, Servillano Jotamares at ang tatlong Jose at isinayaw, at palibhasa'y wala ang isang Jose Lagan ay kinuha ni G. Luis Odnemer si G. Manuel Contento bilang kahalig ni Jose Lagan. Matapos maisayaw ang tatlong Jose ay pinadapa ang mga tao sa bakas sa may Bukal ng Kinabuhayan at pinalulusot ang mga tao sa kabila ng bato. Matapos makalusot ang lahat ay nagsiuwi na sa kani-kanilang bahay na itinayo.

(116) Agosto 1939 nagpalit ng rehistro at mga pamunuan. Itinala sa rehistro "SAMAHAN NG TATLONG PERSONA SOLO DIOS". Pangulo - Ceferino Laguardia, Kalihim - Teodoro Bojactin. Lumuwas ang Ama kasama ang limang Letra, Benito Octoman at iba pa, upang gamutin ang pangulong Quezon. Noong makapit ang barkada ng Ama sa kuwarto ay naupo siya na malapit sa kama ni Quezon. At habang ang Ama'y nagkakalikot ng nganga ay inawitan at sinasayawan naman ng limang Letra, tinanuran din ito ng mga doctor, abugado at mga enhinyero. Iniutos ng Ama kay

Benito Octoman na gamutin si Quezon, kaya't noon din ay hinaplusan siya ng langis, ang mga kasu-kasuan at sintido. At pinaypayan ng abaniko ng pabalik-balik. At habang pinapaypayan ay idinidikta ng Ama ang ganito: "Mamatay, mabuhay ka, walang kuwenta sa akin". At ito ay pitong beses na sinabi niya. Hindi nga natagalan dahan-dahang bumangon, tumindig at lumapit sa Ama at nagmano.

(117) Samantalang noong hindi pa ito nagagamot ay datay sa pagkakahiga sa kama. Takang-taka ang mga nagtanod na mga doctor at abugado, samantalang ang pangulong Quezon ay palakas ng palakas ang katawan. At noong inaakala ng Ama na kaya na ng Pangulo ang katawan nito ay pinasimulan na niya ang pagtatanong dito. Unang tanong ng Ama kay Quezon: "Kung maipagtatagumpay mo kaya anak ang Pilipinas, ay sasakupin mo kami? " Sagot ni Quezon: "Opo, Ama". "At kung maipagtatagumpay namin ang Pilipinas, pasasakop ka naman? " "Opo, Ama". "Kung maipagtatagumpay mo ang kasarinlan ng Pilipinas, mayroon kang mga doctor? " "Opo, Ama". Binalingan ng Ama ang mga doctor at tinanong: "Kayo baga mga anak ang doctor? " "Opo". "Kung totoo na kayo ay doctor, kailan natin aararuhin ang libingan ng mga patay? " "Hindi po maari, sapagkat ang libingan ay para sa mga patay". Sinabi ng Ama: "Hindi pa kayo maari, pagdating ng araw, ako ang magtuturo ng pagka-doctor upang araruhin ang mga libingan". Ibinaling ng Ama ang tanong sa abugado: "Kayo ba anak ang mga abugado? " "Opo, Ama". At sila'y nagsabi kung saan-saan sila nagsipagaral. May nagtapos sa Madrid, Washington, London, Francia at Italya. "Kung totoo na kayo ang abugado, kailan natin gigibain ang bilangguan? " "Hindi po maari, Ama, sapagkat ang bilangguan ay nakalaan lamang sa mga taong makasalanan at sa mga taong kapos ang katuwiran". "Hindi pa ninyo kaya, mga anak, ang humawak ng kasarinlan. Darating ang araw, ako ang magtuturo ng pagka-abugado upang tibagin ang bilangguan". Ibinalik ng Ama ang tanong kay Quezon: "Kung mananarili na ang Pilipinas mayroon kang enhinyero? " "Opo, Ama, na iyan po sila". "Kaya ba ninyo, mga anak, na manarili ang bansang Pilipinas? " "Opo, Ama, pagpipilitan po namin". "Kung ganoon, kailan titibagin ang mga bundok at itatabon sa karagatan? Upang noon ay lumapad ang mga lupain na bubungkalin upang pagkabuhayan ng marami pang mga tao? "

"Imposible po, Ama, hindi po namin kaya". "Itatak ninyo sa batong buhay, darating ang araw, magtuturo ako ng pagka-enhinyero upang patagin ang mga bundok. Ang mga pulo at ang mga isla ay paguugnayin na; ito ay magiging isang kalupaan, at magiging mutya ang bansang silangan.

(118) "Ngayon, Pangulong Quezon, bago kami mamaalam, ipinapasok ko sa ilalim ng iyong kapangyarihan na itong kasama kong binata na si Bartolome Illustrisimo na maging kalihim ng Malacanyang". "Opo, Ama, salamat po, kami nga po ay nagkukulang ng empleyado". Nakiusap na muli ang Ama, at sinabi na "kung maari ay kukunin ko na ang suweldo sa loob ng dalawang buwan, sapagkat wala kaming pamasahe pabalik". "Opo, ipagagawa ko po lamang ang mga kailangang papeles, at pareho po kayong lalagda". Noong marinig ni Benito Octoman ang kanilang usapan ay hindi niya malaman ang kanyang gagawin, sapagkat siya ang tinutukoy ng Ama na Bartolome, at ang ikinahihiya niya ay wala siyang pinag-aralan. Sa madali't sabi nakapirma siya sa papeles ng halos hindi niya namamalayan. At noong makaalis ang barkada ng Ama sa Malacanyang ay nabuo sa kanyang sarili ang tumakas, hinabol niya ang mga kasama at nagpang-abot sila ng San Pablo. At ng makita siya ng Ama ay pinikitan siya ng isang mata, at sinabing "natalinungan mo ano? " At ang dala nilang pera na pinakasuweldo ay si Benito pa rin ang pinabili ng alak, abano, at karneng baboy.

(119) Pagdating ng Kinabuhayan ay muling naganap ang misteryo, at siya namang pagdating ng maraming tao galing Sampalok at Mauban. Sa takot nila sa Ama noong magmisteryo ay kusang loob na ibinigay ang kanilang mga dala-dalahan, kuwarta, mga libreto, mutya at mga medalya. Ipinaipon ng Ama kay Benito at noong maipon ay sobra pa sa ulo ng sumbrero. Ganap na alas 12:00 noon ng gabi habang nananalangin ang karamihan ay iniutos kay Benito at Limang Letra na kanilang bunuting lahat ang kanyang balbas. At ipinamahagi sa lahat ng mga tao na naroroon. Tigatigatlong balbas ang bawat isa. Ang bilin ay lagyan ng pagkit ang puno ng balbas saka balutin. "Ingatan at huwag ihiwalay sa katawan, sapagkat iyan ang buhay ko sa inyo. At kung inyong iwawala ay wala rin ako sa inyo".

(120) Taong 1940, panahon ng eleksiyon, umahon sa Kinabuhayan si G. Herrera at ang kanyang mga kasama, upang

humingi ng tulong sa Amang Illustre upang siya ay tangkilikin bilang alkalde ng bayan ng Dolores. Malugod naman silang tinanggap sa lugar ng Kinabuhayan at sinang-ayunan ng Amang Illustre ang kanilang kahilingan. Lumipas ang ilang buwan at dumating ang botohan. Umuwi ang mga tao sa Kinabuhayan upang ibigay ang karapatan. Alas 7:00 ng hapon nagsimula ang bilangan. At noong nangangalahati na ang nababasa ay natalo na sa bilangan si G. Herrera, kaya ang ginawa niya ay nagpunta sa Amang Illustre at sinabi na maaaring siya ay talo na, ngunit ang sabi ay "huwag kang mag-alaala at ako ang bahala at ikaw ay matulog na". Umalis ang kandidato at umaasa sa sinabi ng Ama. Noong makaalis ang Ama ay nahiga ng tihayang-tihaya at noong nakahiga na ay naririnig na maraming kausap ang Ama. Natapos ang bilangan at nanalo ang Herrera. Kaya ganoon na lamang ang tuwa ng pamilya ng Herrera at ang mga kasama niya, at ang kanilang ipinagtataka ay pasimula noong makagaling si G. Herrera sa Ama, ay panay ng Herrera ang lumalabas sa balota.

(121) Di nagtagal at inanyayahan ni G. Herrera ang Ama, at ang kanyang mga kasama na umuwi sa bayan, at sila'y pinaghandaan. Pumayag ang Ama at pinagbihis ang mga nagseser-bisyo ng baro't saya, naka-trespico, at noong naglalakad na ay iniladlad ang bandera. At sa kanilang paglalakad, ang bati sa kanila ay "me-e", na ang ibig sabihin, palibhasa'y malalago ang buhok at balbas ng mga kasama. Ngunit ang sagot ng Ama ay "mauuna lamang kami at kayo'y susunod na", ngunit patuloy pa rin ang kanilang paglakad. Noong matapat sila sa may malaking bato, na kung tawagin ay San Pedro ay biglang nagdilim na parang gabi at hindi sila magpangita. Kaya sila ay tumigil sa paglakad at sila'y nagsiupo na.

(122) Di nagtagal at umimik ang Ama at nakitang nagliwanag ang kinatatayuan nila. Ang Ama ay tumindig at itinaas ang kanang kamay. At noon ay nagliwanag na. Nagpatuloy na muli sa paglakad at noong dumating sa bayan, makatapos makapagpahinga ay inabutan na ng pagkain na nakalagay sa putol na saha ng saging ang bawat isa. At palibhasa'y gutom na, pagkaabot ng pagkain ay kumain na agad ang iba, at hindi na nakapag-ukol ng dalangin para sa pagkain, kaya nagalit ang Ama, nagmisteryo, itinapon ang pagkain at lumakad na muli paahon. Kaya sumunod na ang mga kasama. Sa kanilang paglalakad ay may nadaanan silang kasalan.

Noong makitang handa na ang mesa ay dumaan at tuloy na dumulog ang mga kasama. Isang matanda ang pumuna sa kanila, at ang sabi ay "hindi pa po magpapakain at hindi pa nadating ang nobyo at nobya". Ngunit hindi rin sila umalis, at nag-"Santong Espiritu" sila. Makatapos ng panalangin ay umalis na sila. Alas 10:00 na ng gabi ay naglalakad pa rin sila, ngunit wala silang nakakain buhat umaga. Noong dumating na muli sa malaking bato, na kung tawagin ay San Pedro, ay tumigil na muli sa malaking bato ang Ama, at sa kugunan ang mga tao at ang mga nagseser-bisyo na nakabaro at saya. At noong sila ay nangakahiga ay nakaramdam ng ulan ang mga dalaga, kaya ibinulong sa Ama ng isa sa kanila. Bumangon ang Ama, hinawi ang kugon at natagpuan ang isang malapad na bato na may huyo o hukay, at bumukal ang tubig, at sila'y nagsi-inom.

(123) Noong sila'y maka-inom ay nahiga na muli sila, ngunit may inutusan ang Ama na umahon sa Kinabuhayan para kumuha ng nilagang kape. Di nagtagal at dumating na ang inutusan na may dalang kape at tinapay. Makatapos na sila'y maka-inom ay sinabi ng Ama na "tayo ay aahon na". Kaya noon din ay sama-samang umahon sila. Makarating ng Kinabuhayan ay pinapaligo sila at nagpabaldiyo naman ang Ama. Makatapos naman ay sinabi ng Ama: "Tandaan ninyo, mga anak, at ang lahat ng ito ay magaganap; kayo ay may kakainin, ngunit halos hindi makakain". Makatapos noon sila ay nanalangin at natulog na.

(124) Kinabukasan nagdaos ng palatuntunan, nagkaroon ng kapulungan, pangangaral ng Ama, may paliguan, pag-aatag ng templo at pagtatrabaho sa kaingin. Sinabi ng Ama: "Mga anak, mananaog sa silangan ang araw ng tagumpay; pagsikat ng araw ay marami ang matutuwa at marami ang malulungkot at kahabag-habag ang kahihinatnan. Malilinggatong itong daigdig, mga anak, magsipagpuyat kayo sapagkat hindi ninyo nalalaman ang oras at araw. Darating ang Ama - na parang isang magnanakaw, at ang datnang gising ay may kakamting langit".

(125) Sinabi ng Ama na "kami ay aalis at pupunta sa Nagcarlan, at kami ay huhulihin ng alagad ng batas at kami ay dadalhin sa Santa Cruz upang doon ibilanggo. At pagkalipas ng dalawang linggo ay dadalhin kami sa Muntinglupa upang doon kami barilin. Datapwa't sa oras na kami ay babarilin ay lilipad kami paahon sa Tatlong Tangke. Kaya aabangan ninyo ang

tatlong hiyaw. At pag narinig ninyo ang ikatlo kong hiyaw ay nasa Durungawan na ako. Kayo Fortunato, Benito, pagsikapan ninyo na sa oras na marinig ninyo ang hiyaw ko ay sikapin na tipunin ang mga kapatid ninyo sa Tatlong Tangke, at doon ko kayo aaralan at tuturuan sa loob ng pitong araw. At pagkatapos ay isasabog ko kayo sa sanlibutang bayan."

(126) Kinabukasan ay umalis ang Amang Illustre at nagpunta sa Malinao, Nagcarlan. Makalipas ang ilang araw ay may dumating na mga pulis upang hulihin ang Amang Illustre sapagkat pinagbintangan na isang Fifth Column o Ganap, na ang ibig sabihin ay maka-Hapon. Ang mga kasama ng Ama na hinuli ng alagad ng batas ay si G. Teodulo Monsalud, Pedro Royo, Juan Villadolid, Pedro Siwa alyas Bayani, at iba pa. At sila ay ikinulong sa bilangguan ng Nagcarlan. Doon sila dinadalhan ng pagkain nina G. Gaudencio Royo at iba pang mga kapatiran.

(127) Makalipas ang apat na araw ay inilipat sila sa bilangguan ng Santa Cruz, Laguna. Tumagal sila dito ng dalawang linggo. Minsan ay dinalaw sila ng mga kapatiran, kasama ang kanilang pamilya. Ngunit hindi na sila lubos na pinapagtagal ng Ama at sila ay pinagbibindisyonan na at sinabing sila ay umuwi na, baka sila ay abutin pa ng gulo sa daan. Matapos na silang lahat ay mabindisyonan sila'y nagsialis na. Ngunit sa kanilang pagbalik ay kinukuha ng mga alagad ng batas ang kanilang sasakyan upang ipaghakot ng mga sundalo. Kaya ang ginawa ni Bb. Teresa ay tinalian ng panyolito ang ulo ng batang Illustre at sinabing may sakit at galing sa hospital. Naniwala naman ang mga sundalo at hindi na nga sila kinunan ng sasakyan. Makalipas lamang ang ilang araw ay binagsakan na ng bomba ang bilangguan ng Santa Cruz, kaya ang barkada ng Ama ay nakalabas na. At sa kanilang paglalakad, noong sumapit na sila sa sambat ng Mahayhay, ay pinasimulan na ng Ama ang pagpapalimos hanggang bayan ng Nagcarlan. Kinagabihan ay nagkaroon ng kapulungan sa bahay ni G. Teodolo Monsalud na ang paksa ay magtayo ng bagong Jerusalem, sapagkat sinabi ng Ama: "nabigo tayo, mga anak, sapagkat hindi pinayagan ng Ina na tayo ay magtagumpay. Kaya paaahunin ang mga taga-Malinao upang magbukas ng nasabing bagong paraiso at bagong halamanan". At sinabi ng Ama: "pakatandaan ninyo, mga anak, kung saan naglabo ay doon maglilinaw".

(128) Matapos ang pagpupulong ay nagturo ang Ama ng ibang salita odeldeyo. Kinabukasan, umahon sa Kinabuhayan ang mga taga-Malinao, Nagcarlan, Laguna. At sa kanilang paglalakad ay inabot sila ng sungit ng panahon at napakalakas ng ulan. At iyong sapit nila sa may sapa ng Ipit ay napakalaki ng baha. Gayon na lamang ang kanilang pagtataka, sapagkat noong tatawid na sila, ay biglang nabalumbon ang tubig sa sapa at huminto ang baha. Subalit noong sila ay makatawid na ay muling nagpatuloy ang malakas na pag-agos ng tubig. At sila'y nagpatuloy na sa paglakad. At iyong dating nila sa Kinabuhayan ay dinatnan nila ang Amang Illustre na nakaluhod at nakababad sa tubig sa may Bukal ng Kinabuhayan. At noong makarating na ang lahat ng mga tao ay tumindig na ang Amang Illustre. At palibhasa'y si Gng. Maxima ay may karamdaman ay ipinagsama ng Ama sa loob ng Eden upang gamutin. At noong sila ay nasa loob na ng cueba ay pinasungaw sa balon ng Ina sa Karagatan, at iyong sungaw niya ay kumukulo ang tubig at may boses siyang naririnig na nagbubuhat sa ilalim ng tubig. Sumalok ang Ama ng tubig at ipinainom sa kanya. Matapos na siya ay mapainom, sila ay lumabas na, at nakaramdam naman siya ng ginhawa.

(129) Kinabukasan sinabi ng Ama: "buksan ang paraiso at halamanan at ipagkaloob sa mga hinirang". Biglaang naging sapilitan ang batas na igiba ang gubat. At noon binuksan ang lahat ng kaingin sa buong Kinabuhayan. Tulong-tulong ang lahat ng bata at matanda. Ang pagkain nila bilang kanin ay niyadyad na papaya, at ang ulam ay nilagang bunga ng papaya. At ito ang palaging pagkain nila sa loob ng anim ng buwan.

(130) Noong panahong iyon ang lugar na ito ay may kabagsikan, kaya ang lahat ng mga naahon dito ay may dalang mga tukil na kanilang iniihian sapagkat hindi maari ang kung saan-saan. Isang pangyayari ang naganap noon samantalang ang gabi ay madilim at nag-aahon, ay nanaog si Rosa, isa sa nagseser-bisyo sa Ama, at pagdaka'y umupo at umihi. Ngunit kasabay noon ay pinagsaktan ng tiyan, kaya siya ay dali-daling pumanhik at sinabi sa Ama. Agad namang tumawag ang Ama, at sumagot ang boses ng ganito: "Ama, ako po naman ay nasakluban ng saya ni Rosa at ako po ay basang-basa, at pagtindig ko po ay nasungkol ko ang kanyang pag-aari". Sinabi ng Ama: "pasensiya ka na at hindi ka nila nakikita". "Opo, Ama", ang sagot ng boses, "ngunit

sabihin po lamang ninyo na huwag pakalat-kalat ang pag-ihi at pagdumi at kami ay nakakayapak."

(131) Kinabukasan ay sinabi ng Ama: "tayo ay magtutumba ng punong-bayan." Nagtungo sila sa gubat at nagtumba ng dalawang malaking punongkahoy, na iyon pala ang ibig sabihin ng punong bayan. Matapos na maitumba ay humiyaw ang Ama ng "mabuhay, igugupo natin ang matandang Jerusalem", at ipinagpatuloy ang pagka-kaingin. Kumaon si G. Villano ng mga taga-Yawe upang magkaingin. At kung gabi ay patuloy ng pag-aatag ng templo. Kinabukasan ay nagtrabaho ang barkada ng Ama sa kaingin, at nakakita sila ng isang kahoy sa Tres Maria na ga-puluhan ng itak, matuwid at may pitong dipa ang haba. Maputi ang balot na maninipis na may tatlong dahon sa dulo. Ipinakita ng Ama, at pinagputol-putol ng kalahating pulgada ang haba. Tigaapat na putol ang bawat isang tao. At sa bawat putol ay iba't-ibang hugis o korte ang lumitaw. Mayroong letrang A – E – sa pinagputulan. At ang bilin ng Ama sa mga pinagbigyan ay iingatan at darating ang araw na hahanapin ito sa mga pinagbigyan at malalaman din ang bisa nito.

(132) Makalipas ang isang araw ay lumuwas ng Maynila ang Ama, nagtuloy sila sa San Luis, Pampanga, at nagdaos ng parada, nagprusisyon hanggang Candaba. At nagkaroon doon ng kapulungan. Mga kaharap: Venancio Wagan, Teofilo Cortez, Juan Laganio, Manuel Payomo, Angel Lorenzo, Luis Taruk at Pedro Taruk. At ang naging paksa ng usapan ay pagiisahin ang mga samahan at magkaroon ng Legion. Ngunit ito ay hindi pinagtibay. Matapos ang kapulongan ay namigay ang Ama ng putol-putol na kahoy sa lahat na mga kaharap sa pulong. Subalit kinulang ang isang putol at bukod tangi si G. Angel Lorenzo ang hindi nabigyan sa magkakaharap. Nagalit ang Angel Lorenzo, at hindi namamalayan ng mga kasama ng Ama ay pinaluhod ang Amang Illustre sa harap ng maraming tao at sinabing siya'y higit na mataas ang pagkatao kaysa sa Amang Illustre. Ngunit hindi pa sila natatagalan ay nabalitaan nila na ang Angel Lorenzo ay patay na sapagkat ang sasakyan niya ay nabunggo ng tren at bukod tangi siya ay tumalbog.

(133) Kinabukasan umalis ang Amang Illustrisimo at ang kanyang mga kasama puntang San Leonardo at nagtuloy sa Cabanatuan at Muñoz. Makalipas ang ilang sandaling pamamahinga

ay nagpaalam ang Amang Illustrisimo sa kanayang mga kasama at lumipas ang mga oras, at sumapit ang gabi, samantalang ang mga dalaga at ang kanilang mga kasama ay namamahinga na ay may dumating na mga naghaharana. Tinawag ng maybahay si Ginoong Benito Octoman upang siyang papagpasiyahin kung papapanhikin ang mga naghaharana. Palibhasa'y kailangan din ang pakikisama ay pinahintulutan ni G. Octoman na papanhikin ang haranista.

(134) Ngunit noong mga sandaling iyon, lingid sa kaalaman ng lahat liban kay G. Octoman na siya lamang ang nakakita na dumating ang Amang Illustrisimo at sinabi na iladlad ang bandera at maglagay ng isang silya sa likuran ng Bandera. At sinabi pa rin na ang kakantahin ng mga dalaga ay ang kantahing pang-ehersisio at matapos na nasabi ito ay muling nawala ang Amang Illustrisimo. Pinasimulan na ng mga binata ang kanilang kantahan, at noong makatapos ang ilang kabinataan ay humiling naman sila sa mga kadalagahan. Noong marinig na nila ang boses ng mga kadalagahan ay nakiusap na kung maaring sila'y magpakilala, at binigyan naman sila ng kapahintulutan. At ang unang lumapit na magpakilala kay Bb. Engracia ay may sinabing ganito, habang magkadaop palad pa sila, na "salamat at kita pala'y magkamaganak at magkababayan pa sa Batangas". Ngunit ang ipinagtataka nila ay matapos na masabi iyon ay bigla na lamang nangunat ang binata at hindi na ito nakapangusap, at tuluyan ng nabaliktad at namatay.

(135) Silang lahat ay nagulumihanan at sa katakuta'y ang mga haranista ay nagpanakbuhan. Hindi nag atubili ang maybahay at noon din ay kumaon ng dalawang sanidad, sanidad ng Gapan, at sanidad ng San Leonardo, Nueva Ecija. Matapos na kanilang masuri ay sinabing talagang wala ng lunas upang mabuhay pa. Kinabukasan ay dumating ang Amang Illustrisimo at ang sabi: "Salamat, mga anak, sapagkat maalaala lamang ninyo ang pangalan ng Ama ay ligtas na kayo sa panganib." At sinabi na kaya may dalang sasakyan ang mga haranista ay upang gabutin ang mga dalaga. Matapos na masabi ang bagay na iyon ay pinagayak na ang mga kasama at sila ay umalis na puntang Maynila. Pagdating ng Maynila ay naglakad silang lahat na magkasama hanggang Kinabuhayan. Makalipas ang maikling pamahinga ay nagpaliwanag ang Amang Illustrisimo ukol sa magaganap na paguumpugan ng dalawang besiro. Pagkaroon ng kasaysayan, misterio, at nagkaroon ng kapulungan araw at gabi sa loob ng pitong araw.

(136) Nagpatuloy na muli ang pagkakaingin at ang iba ay naghahawan sa parteng kabila. Ang kanilang itinanim ay sakwa ng gabi. At nagpatuloy din ang pagbubutas ng cueba. Ipinahukay din noon ang pintong lihim, at habang hinuhukay ay tuloy din ang misteryo ng Ama, at sinabing ang pintong lihim ay puntang paraiso, at kahit saang bayan ay may daan sa ilalim. Kinabukasan ay sinabi ng Ama na siya ay pupunta ng Batangas. At kasama ang Limang Letra, at ang Pitong Birtudes ay iniwan sa Kinabuhayan sa pamamahala ng Villano. Subalit bago umalis ang Ama ay inihabilin ang mga nagseserbisyo sa mga taga-Malinao na paminsan-minsan ay dadalhin sila ng pagkain at iba pang pangangailangan. At noong panahong iyon at sila ay nauubusan ng pagkain ay nagtitiis sila sa nilagang sayote na walang asin, at sinalab o maruya na sakwa ng gabi. At minsan ay naisipan nila na mag-biyahe ng sayote upang maibili man lamang ng asin. Isang araw na nagbubukang liwayway na hindi pa sila kumakain ng almusal ay nagsunong ang tatlong dalaga ng dalawang bakol at kalahati na sakong sayote upang ipagbili sa mga tao sa bayan ng Dolores.

(137) Ngunit sa di inaasahang pagkakataon ay may nadaanan ilang mga tao na kumakain ng almusal sa tabi ng daan at sila'y pinilit bigyan ng pagkain, ngunit sa halip na kanilang kainin ay kanilang binalot ang pagkain at kanilang dinala at tumuloy na sila sa paglakad at baka mahuli sa bilihan. Datapwa't sa kasamaang palad, noong makarating na sila sa bayan at kanilang itinda ay wala man lamang bumili kahit iisang sayote. Kaya wala silang magawa kundi itapon na lamang sa bangbang ang sayote at sila'y lumakad na paahon sa Kinabuhayan. At sa kanilang paglalakad ay nakaramdam sila ng gutom at uhaw. Subalit natatakot silang kainin ang kanilang dalang pagkain dahil noong panahong iyon ay nagkakasakit kung walang pahintulot na kumain. At noong panahong iyon ay hindi maari na kung sino lamang ang mayroong pagkain ay siya lamang ang kakain.

(138) At habang ang Amang Illustre ay nasa Batangas ay nagkaroon ng pagsisinakulo sa lugar ng Kinabuhayan upang kunan ng larawan upang mailathala sa Tribune o pahayagan. Isang gabi habang ang Ama ay nasa Batangas at ang Villano ay nasa Kinabuhayan ay nag-usap sila sa pamamagitan ng Espiritu, at sinabi ng Amang Illustre na maghanda ang mga nagseserbisyo ng sandata at may giyera o magkakagulo na. At sinabi rin na maghanda ng baro at saya.

(139) Noong panahong iyon ang tinatawag na sandata ay ang mga panalangin. Kaya doon nabuo ang Limang Letra sa Batangas. Ang kantahing "Oh Amang Bathalang Gumawa ng Lahat". At ang inihanda ng Pitong Birtudes ay ang kantahing "Halina nga't Magsiawit". Di nagtagal at umalis na ang Ama sa Batangas at nagtuloy sa Malinao, Nagcarlan, Laguna. At sa kanilang pag-ahon sa Kinabuhayan ay umuna sa paglakad ang Inang Sana. At sumama na ang Limang Letra. Makalipas ang ilang oras ay sumunod na ang Amang Illustre. Ngunit sa di inaasahang pagkakataon ay nauna pang dumating ang Ama sa lugar ng Kinabuhayan, at sinalubong ng mga tao ang Pitong Birtudes na nakaladlad ang bandera at umaawit sila ng mga panalangin. Nagtuloy sila sa bukal ng Kinabuhayan at nagsipaligo. Ngunit hindi na nagsisipagbihis at pinatutuyo na ang damit sa katawan. Kinabukasan ay sinabi ng Ama: "Ako'y babalik sa Batangas, ngunit ipagpapatuloy ninyo ang paghuhukay ng cueba pintong lihim. At kapag nabuksan ay pumasok kayo at makikita ninyo ang lamesang marmol at tubig, ngunit huwag kayong iinom o maghihinaw, at baka kayo ay mawili na".

(140) Dumating sila ng Tanag, nagpapiesta ang mga kapatiran ng Tanag. Kaarawan ng piesta ng ikasal ang mag-asawang Ido at Ading. Matapos ang kasalan ay nagpakuha ng tubig ang Ama at ipinadala sa ibaba ng cueba sa may pader at pinaliguan ang lahat ng kasapi na dumalo sa piesta. Kinabukasan ay umalis ang Ama puntang Kinabuhayan. Noong makarating nalaman na hindi nabuksan ang pintong lihim. Kaya noon din ay inilabas ng Ama ang librong mayroong mapa na naglalaman ng mga plano ng mga bagay na mangyayari sa darating na panahon. At ipinatigil na ang paghuhukay ng nasabing pintong lihim.

(141) Kinagabihan magdamag ang programa at pangangaral ng Ama. Sinabi na "darating ang araw, mga anak, na ang parang ay magiging malaking bayan, at ang kapitolyo ay dito itatayo sa lugar ng Kinabuhayan. At tandaan ninyo, mga anak, pag nagkaroon dito ng karsada na lagusan hanggang Nagcarlan ay tandang malapit na ang panahon. Magsipag kayo, mga anak, magtanim kayo ng magtanim, at hindi lamang kayo ang kakain. Ang mga kulog at kidlat ay lalagpak sa lupa. Ang mga bundok ay guguho at ang mga bato sa bundok ay gugulong sa kabayanan. At ang mga bato sa kabayanan ay gugulong sa kabundukan." Kinabukasan, pagbukang

liwayway ay binigyan si G. Benito Octoman ng listahan upang pamilihin sa San Pablo. At ang mga pamimilhin ay isang kahong abano, isang praskong alak, sampung tinapay Amerikano, tatlong sabon at pulbong kailangan ng mga dalaga, at dalawang banig na sawali na pandingding sa Central. At noong siya ay mananaog na ay sinabayan naman ng Rosa ng pagsisigang ng tubig na huhulugan ng kape na naka-ukol sa labing pito katao. Pagdating niya sa San Pablo ay ibinigay agad niya ang listahan sa may-ari ng tindahan at sinabing igayak agad. Noong mai-gayak, siya'y umalis na. Nagbubukang liwayway din dumating siya sa Kinabuhayan at noon din lamang hinahango ang sinigang na kape, at habang sila'y humihigop ng kape ay sinabi ng Ama: "kaunti pang tiis, mga anak, at iyan ang palatandaan na mayroon akong ibibigay sa inyo na hindi mababayaran ng salapi. Ang mga sinabi ko ay pawang magaganap". Pagkatapos ng almusal ay nag-paliguan sa Kolehiyo, at habang sila'y kumakain ng tanghalian ay sinabi ng Ama kay G. Octoman na siya ay huwag nang sasama sa Batangas. At siya ay kakaon lamang ng binhi ng palay na ihahasik sa mga kaingin. At sa kanya inihabilin ang paglalapat ng dingding na sawali sa Central. Noon ding hapong iyon umalis ang Ama na kasama ang Limang Letra.

(142) Kasalukuyan noong ginagawa ang tangke sa Tres Maria. At noong gabing iyon, makaalis ang Ama ay nangharana ang mga obrero ng tangke. Hinarapan naman sila ng mga dalaga na halos magdamag. At noong gumising na ang batang Illustre ay nilapitan si G. Octoman sa pagtatrabaho at sinabi sa kanya na siya'y naiinip. Kaya't pinatigil siya sa kanyang ginagawa at nagpasama sa pamamasyal sa ilog at sumagot siyang "opo, Kuya". At habang sila'y naglalakad ay pinag-uusapan nila ang tungkol sa kasaysayan ng Kristo na nasa Pasyon. Tumigil sila sa batong Kinabuhayan at sila ay naupo doon, ngunit tuloy din ang kuwentuhan. Nakaraan ang ilang sandali ay humiga ng tihaya at unat na unat at sa wari ko'y nakatulog na. Hindi nagtagal at tumawag na, ang sabi ay ito: "Ama! Si Ate Rosa ay nakipaghamagan sa mga binata. Nakita ko at hindi ko gusto ang ginagawa. Ama, bumalik na kayo". Narinig ni G. Benito Octoman na sumagot ang Ama: "Oo, anak, bukas ng tanghali nariyan na kami, pasalubungin mo sa amin sa Dolores ang mga kabinataan para magdala ng palay paahon". Pagkatapos noon nawala na ang boses at bumangon na ang batang Illustre at inakit

na si Benito Octoman na bumalik na sa Central. At noon lamang nasaksihan ni G. Benito Octoman na silang mag-ama ay nakakapagtawagan.

(143) Kinabukasan nga'y dumating na ang Ama. At iyon na ang misteryo eskramotse at lahat ng mga dalaga bago tanungin ay napagpapalo na hanggang sila ay magsipagsabi ng kanilang tsismisan at daldalan. Noong panahon ding iyon ipinasok ang batong dalanginan sa templo. At si G. Alfonso Delantar ay isa sa nakausong sa bato. Ang batong iyon ay doon kinuha sa may balete sa itaas ng Kinabuhayan. Isang araw, si G. Delantar ay nasa tabi ng Ama ay may narinig siyang tumawag na ang sabi ay sila'y ipasalubong. At ang sagot ng Ama ay: "Oo, ilang baga kayo at anong oras ang salubong? " Ang sagot ay "dalawa po kami, at sa alas 8:00 ng gabi." Makalipas noon ay nagtanong sa Ama: "sino po iyon, Ama? " Ang sagot ng Ama ay "iyon ang anak kong si Hitler na nasa Alemanya". At noon ngang alas 8:00 ng gabi ay ipinasalubong sa kanila. At doon nila sinalubong sa tarangkahan sa may Balucanag. Hindi nagtagal at dumating na nga at sa templo nagtuloy. At ng pumasok sa templo ay nakita nila na maraming nagkikidlawan na parang medalya. At noon sila'y makapasok ay nagpulong sa templo. At noong sila'y lumabas ay nakahain na ang pagkain ng matatandang babae sa lamesang bato sa harapan ng templo. At sila'y nagsidulog kasama ang Ama. At noong sila'y kumakain na ay napansin nila na hindi kumakain ang isa sa kanilang bisita. At nagpakilala na siya raw ay si Mabini. At nagsabi ng ganito: "Mga kapatid, gusto ba ninyo na makilala itong kasama ko? " Sagot ng mga tao: "Opo". Sinabi ni Mabini sa kasama na "magpakilala ka naman", subalit sumagot ng ganito: "Saka na, at hindi pa panahon". Matapos kumain ay sinalunson na ang mga pinggang walang laman, ngunit naroon din sa mesa. Ang ginawa naman ng Villano ay dinampot ang kamay ng Ama, at ipinatong sa mga pinggan na may laman at wala. At nagtanong ang Ama: "Mga anak, alin ang gusto ninyong may laman at wala? " Ang sagot ng mga tao "iyon pong may laman". Ngunit noong walang nadampot ay nagalit ang Ama at inihampas ang mga pinggang may laman at wala. Ngunit sa tingin nila ay hindi man lang nagugulumihanan ang dalawang dumating sa ginawa ng Ama. At nagsabi ng ganito: "Mga kapatid, huwag kayong matakot, talagang ganyan". At matapos iyon ay pumasok na muli sa templo at

muling nagpulong doon. Ng makatapos ng pulong ay nagpahatid na uli sa tarangkahan at umalis na.

(144) Kinabukasan ay nilinis ang cueba sa ilalim ng simbahan. At noong pumasok doon ay alas 4:00 ng hapon, at noong lumabas ay alas 7:00 sa umaga. Makatapos malinis ay humingi ng gose, tapayan, at banga at ipinasok sa cueba, inihanay at ibinaon na nakabaltaw ang bunganga at pinalagyan ng lupang pula na di umano ay gagawin daw kuwarta. At ng mapuno na ng lupang pula ay pinatakpan lahat. Buhat noon ay hindi na napasok ng mga tao, sapagkat pumasok pa lamang ay hinihirap na ng paghinga. Hindi makatagal ng lalabis sa limang minuto at sumasakit na ang ulo. At humihingal na parang mamamatay. Ang mga lente o flashlight ay nawawalan ng ilaw at ang mga kandila ay hindi mabuhay.

(145) At magbuhat noon sila'y naghapay ng naghapay ng mga punong kahoy ngunit sa hindi inaasahang pagkakataon ay nadaganan ng kahoy si G. Alfonso Delantar, at ito ay nangyari sa lupa ni G. Juan Villegas. At ito ay naka-abot sa kaalaman ng Ama. Ngunit ang Ama ay sumigaw ng walang maaano at hindi mamamatay. Ngunit ng maalis ang kahoy na nakadagan sa katawan ni G. A. Delantar ay putok-putok ang kanyang katawan dahil sa haplit ng mga dahon ng kahoy na kanyang hinapay. Pagkatapos ay nagkaroon naman ng pukyutan sa kahoy na kanyang hinahapay. Lumapit ang Ama at ang sabi'y masarap ang pukyutan niya. Dinapuan ng pukyutan ang buong katawan ng Ama. At dahil sa mga tao ay takot, sila'y nagtakbuhan. Ngunit ang ginawa ng Ama sa halip na lumayo ay pinaghuhuli ang mga pukyutan at isinusubo. Anupa't pantal-pantal ang kanyang katawan. Datapwa't noong siya'y makapaligo ay alis lahat ang pantal sa buong katawan niya.

(146) Kinagabihan nagkaroon ng pulong sa templo at ang sabi ay ang dumapong pukyutan sa Ama ibig sabihing inuutusan ang Ama na magpakilala na sa sangkatauhan at panahon na. Pagkaraan ng ilang araw ay may dumating na mga pulis ng bayan na may dalang papel de aresto at huhulihin ang Ama dahil sa sumbong sa bayan na ang Amang Illustre ay may tatlumpong mga dalaga na asawa niya. Habang sila'y nag-uusap sa harapan ng bahay sa tapat ng templo ay ipinaki-usap ng Ama sa mga pulis na barilin ang tandang na manok upang pulutanin. Hali-halili ang mga pulis ng pagbaril sa manok ngunit hindi man lang sayaran ng bala ang balahibo ng manok at ito'y palukso-lukso lamang. "Yayabang

lamang ninyo", ang sabi ng Ama. "Manok lamang ay hindi pa ninyo tamaan, kasi pa kung ang mga dalaga ang ipabaril ko sa inyo". Kaya sa hiya ng mga pulis ay umalis na ng walang paalam.

(147) Kinabukasan, ang Ama, ang Limang Letra at si G. Benito Octoman ay umuwi sa bayan upang bistahin. Si G. Benito Octoman ang pinaharap ng Ama upang bistahan. Pagkatapos niyang makapanumpa ay pinasimulan naman ng Ama ang pagkakalikot ng nganga, at siya naman ay pinasimulan ng tanungin.

Tanong- "Ang inyo bang samahan ay samahan ng balbasin? " Tatlong beses itong sinabi bago siya sumagot.

Sagot- "Opo, Señor Huwes". "Makapagbibigay ka ba ng patotoo? " Bigla niyang naiisip ito: "Señor Huwes, maghubad kayo at kayo ay may balbas din sa mababa". Pumukpok ng malyeta at sumagot ng "bueno". Binago ang tanong.

Tanong- "Ang samahan ba ninyo ay samahan ng buntisan? " Dalawang ulit bago siya sumagot. "Opo, Señor Huwes". "Makapagbibigay ka ba ng patotoo? " "Sr. Huwes, kayo ba ay ipinagbuntis ng inyong Ina? " Pumukpok na naman ng malyeta at ang sabi "este bueno". "Samakatuwid, Sr. Huwes, kasama namin kayo". Binago na naman ang tanong.

Tanong- "Ang samahan ba ninyo ay samahan ng huwag kang kikibo at Dios ang hihipo? " Tatlong beses naulit bago siya sumagot. "Opo, Sr. Huwes". "Maipaliliwanag mo ang iyong patotoo? " "Opo, at salamat po Sr. sa inyong sinabi at Dios ang hihipo sa amin. Payag naman po ba kayo na demonyo ang hihipo sa inyo? " Tumuktok uli at sinabi, "imposible, hindi mangyayari". Binago na naman ang tanong. "Totoo ba na ang inyong maestro Illustre ay may tatlumpung dalaga na asawa? Ibigay mo sa akin ang patotoo". "Opo, kung paano sa kalangitan gayon din sa kalupaan. Si Kristo nga ay mayroon maraming mga angeles na nag-aawitan sa kanyang sinapupunan ng kanyang luklukan. Gayon din kay Illustre ay marami din ang mga Letra at Birtudes na nag-aawitan. Nagbibigay ng paliwanag at patotoo sa mga taong nadidiliman ng unawa". Ang huwes ay natigilan at tuloy humingi ng

platon sapagkat oras na ng pananghalian. At noong sila ay bumalik sa Husgado ay dakong hapon na. At sinabi ng huwes, "sana ay marami pa akong itatanong sa inyong mga bata ngunit sapat na iyon". At kumamay ang huwes sa Ama. At sinabing "salamat po, Ama" at tumawag na din ang huwes ng "Ama".

(148) Hindi nagtagal at sila'y namaalam na sa huwes at sa Mauban sila nagpunta, sa bahay ni Ginang Berie. Kinuha ng Ama kay Nanang Berie ang kapa ng pari na inihabilin sa kanya noong una pa. At ibinigay din sa Ama ang kopya ng dalawang kantahin: "Noong manaog na ang Dios sa atin", at ang "Oh Amang Bathala gumawa ng lahat". At sila ay tumuloy na sa Kinabuhayan. Masaya sila noong dumating at una-unahan ng pagbibida sa kanilang nakita at narinig. Ipinasaulo ng Ama sa mga nagseserbisyo ang dala nilang kantahin. Kinabukasan umalis sila puntang Olibete kay Nanang Adarna. Kinuha ng Ama ang inihabilin sa kanya na titulo ng buong Pilipinas at titulo ng buong mundo. Sa pasimula ay ayaw ibigay ng Nanang Adarna sa Ama, sapagkat hindi daw ang Ama ang nagpaingat noon sa kanya. Kaya sinabi ng Ama na "ako ang nagbigay sa iyo noong ako'y bata pa, kulot ang buhok ko noon na mamula-mula ang balat ko. Matanghiad ang ilong ko, at doon ko ibinigay sa iyo sa bayan ng Tagudin, Ilocos Norte". Pagkarinig ni Nanang Adarna sa isinaysay ng Ama na mga palatandaan ay agad lumuhod at humingi ng bendisyon.
At dalawang kamay ng Nanang Adarna ang nag-abot ng titulo sa Ama. At may kalakip pa ng kopya ng kantahing "Huling Paalam". Laking pasasalamat ng Nanang Adarna ng kanyang makilala ang Ama. At noong aalis ang Ama ay nagbilin sa Nanang Adarna ng ganito: "Anak, pag ikaw ay inabot ng tawag ko ay umahon ka sa Kinabuhayan na huwag ang hindi". Sagot ng Adarna: "Opo, Ama". At tuluyan ng umalis sila at iniwan nila ang malaking handaan at kasayahan sa Olibete.

(149) Umalis dito at nagpunta ng Plateros upang dalawin ang limang bata na kaniyang inihabilin sa mag-asawang matanda. Ngunit noong sila ay dumating sa Plateros ay patay na ang mag-asawang matanda. Inutusan ng Amang Illustre ang matandang Payomo na kaunin o tawagin ang limang mga dalaga. Noong sila ay magkakaharap na ay nagtanong ang Ama: "Ako ba ay inyong nakikilala? " Ang sagot noong lima ay "para pong

nagunita namin na nakasama namin kayo noong nakaraang panahon". Nagsalmos ang Amang Illustre noong hindi siya nakilala. At pagkatapos ay inilabas ang unang Letra ng kanyang pangalan A. Noong mailagay sa lamesa ay sinabi ng Ama sa limang mga dalaga na "kung sino sa inyo ang may hawak ng kasunod na letra ay inyong ihanay na ang sunod-sunod". Pagkatapos na kanilang maihanay ay sinabi ng Ama na "inyong basahin ang mga letra". At noong kanilang mabasa ay saka lamang nila nakilala na iyon ang Amang Illustre at sabay-sabay na yumakap sila.
Sa katuwaan ay nangahimatay sila. Sapagkat pasimula ng sila ay iwanan ng Ama ay noon lamang sila binalikan na ang edad ng pinakamatanda ay isang daan at labing pito. Namalagi sila ng dalawang gabi sa Plateros. At noon ay sinabi ng Ama, "kayo ay muli kong iiwan at sa pagbabalik ko ay saka ko kayo isasama".

(150) Lumipas na muli ang ilang panahon bago bumalik ang Ama. At iyong balik niya sa Plateros ay may isang namatay at di nagtagal ay nagsunod-sunod na ang apat na dalaga. Umalis ng Plateros, bumalik ng Kinabuhayan, at noong dumating sa Kinabuhayan ay laking tuwa ng Ama at ang sabi ay, "husto na, magaganap na at hindi maliliban ang panahon para sa atin mga anak."

(151) Lumusong ang Amang Illustre at kinagabihan ay kinausap ang mga tao, at sinabi: "Mga anak, nais kong bago ako umalis ay papag-asawahin ko ang bugtong kong anak sapagkat kung hindi papag-asawahin ay pag-aagawan pagdating ng panahon." Ibinaling ng Ama kay G. Julio at Henya Coronado ang usapan at sinabing ang nais niyang maging kabiyak ng batang Illustre ay ang kanilang anak na si Bb. Maria Coronado.

(152) Sa simula ay ayaw pumayag ang mag-asawang Julio at Henya Coronado. At sinabing "sapat ng iyan ay nagseserbisyo na sa inyo". Ibinaling ng Ama kay Bb. Maria Coronado ang tanong at sinabing kung papayag na maging kabiyak ng batang Illustre. Hindi rin siya sumang-ayon sa sinabi ng Ama. Ngunit sinabi ng Ama na "pumayag ka na anak, sapagkat pagdating ng panahon ay siya ang magiging Amang bayan at ikaw ay Inang bayan".
Sa madali't sabi ay nagkasundo na rin ang matatanda na sila ay ipakasal. Sinabi pa ng Ama na "katatandaan ninyo, mga anak, dito maglalabo at dito rin maglilinaw". Ipinakita ang mga palatandaan na mapapagkilanlan sa kanyang muling pagbabalik.

Itinuro din ang mga salitang pagbati sa kanya sa pamamagitan ng Espiritu.

(153) Kinabukasan umahon ng Kinabuhayan at makalipas ang isang linggo ay ikinasal ang dalawang batang Illustre at Bb. Maria Coronado, na ang paniwala at pag-asa ng dalawang ikinasal ay biro at kasal-kasalan lamang ang ginawa sa kanila, palibhasa'y mga bata pa, at ang edad ng babae ay labing-anim na taong gulang at ang lalaki ay labing lima. Ginanap ang kasalan sa loob ng templo. At ang pamamaraan ng pagkakasal, binalot ng Ama silang tatlo ng bandera. At pagkatapos ay binalot naman ng Ama ang dalawa at pagkatapos ay pinangaralan ng Ama ang dalawa na sabi ng Ama ay "Pagbubutihin ninyo, mga anak, ang inyong pagsasama, matuto kayong makibagay, sapagkat libong tao ang susunod sa inyo pagdating ng panahon". Matapos mapangaralan ang bagong kasal ay lumabas ang Ama sa templo, tinadtad ng maliliit na gayat ang handang litson at isa-isang sinubuan ang mga tao ng tig-iisang gayat at ang hinog na papaya ay inihain sa lamesa.

(154) Matapos na masubuan at makakaing lahat ang mga tao, ay nagbigay ng mga babala ang Ama. At sinabing "magsipag-abang kayo sa mga kumita't palatandaan. Sapagkat hindi lamang sa pagkain ng tinapay at kanin ang ikinabubuhay ng mga tao kundi gayon din kung tatanggapin mo ang mabuting aral." Sapagkat ang Ama ay magbibitiw ng kimkim na poot sa sanlibutan: "Pasimula sa muling pagpili hanggang sa paghirang at mula sa ikapitong siglo hanggang sa buhay na walang hanggan." At noong sila ay makalabas na sa templo ay tinawag ng Ama si G. Benito Octoman, Jesus Delarmente at Pedro Delantar at ang sabi ay "kung kayo ay magigiliw na sa inyong sariling bayan ay maaari na kayong umuwi ngunit may kasunduan. Isang araw na pupunta doon at isang araw na titigil doon at isang araw na uuwi sa Kinabuhayan. At kung sino ang lalampas sa kasunduan ay kabaong ang ihahanda ko sa inyo." Sapagkat noon ay ipinagmamadali ang pagpapagawa ng Central. Tatlo ang ipinagawang cuarto sa Central. At ang dating Central ay napatoka sa mag-asawang Iliong at Juliana, at ang bagong Central ay para sa mag-asawang batang Illustre. At ang pagitan ng dalawang kuarto ay sa mag-asawang Benito at Ana. Matapos maipagawa ng

Ama ay sinabing "ako ay aalis at maglilibot sa mga balangay upang ipakilala ang bagong kasal" at kalakip ang pamamaalam.

(155) Kinabukasan umalis ng Kinabuhayan naglakad hanggang Caylaway, at noong dumating dito at saka pa lamang sila sumakay ng sasakyan. At doon nagtuloy sa bahay ni G. Seferino Laguardia. Noong makarating doon ay inipon ang lahat ng mga kapatiran buhat sa Tanag, Luntal, Tuy at Altura. At noong naipon ay naglagay ng tanod sa silong at hagdanan. Isinara ang pintuan at bintana at saka nagpulong, at nagpaliwanag ang Ama ukol sa darating na panahon.

(156) At sa pasimula'y sinabi ng Ama: "Minamahal kong mga anak, sana ay ang aking sasabihin ay inyong pakinggan at unawain, na sa pag-alis kong ito ay tatandaan ninyo ang bilin ko; na kung ang katawan ko'y tatadtarin ay mapalad ang makakain ng bawat piraso ng aking katawan. Mapalad din ang makakain ng aking atay. Mapalad din ang makakain ng aking kamay at paa. At pagkatapos ng makain ninyo ang lahat ng parte ng aking katawan ay iluwa ninyo ang bawat pirasong inyong kinain at ako ay buo rin." Pagkatapos ng kapulungan ay nagparada sila sa Lian sa kahilingin ng mga hapones at tuloy ipinagsama sila sa bayan ng Nasugbu at doo'y pinapurihan nila ang mga hukbong Hapones. At kinabukasan, lumipat sila sa Balibago. Inipon ang lahat ng mga kapatiran sa palibot-libot at nagkaroon ng kasayahan. At pagkatapos ay nagkaroon ng kapulungan pangkalahatan. At sinabi ng Ama sa mga anak: "ako ay aalis na walang kasama, ngunit pakatandaan ninyo ang bilin ko sa inyo, sapagkat marami ang lilitaw at magpapanggap at sasabihing sila ay ako. At makakadama kayo ng malakas na paglindol, mayayanig ang buong mundo. Kinakailangan, mga anak, lahat na mga babasaging kasangkapan ay inyong ipanaog sa lupa at huwag kayong maghihiwa-hiwalay, sapagkat ako ay muling babalik." Kinabukasan gumayak na ang Ama. Nagdaan sa Palingkaro at nagdaos din ng parada, palatuntunan, at pinasayaw si Ginang Illustre ng bodabil at nagkaroon din ng kapulungan. Nag halimbawa ang Ama ng "isang lubid na lamang ang hindi nalalagot at panahon na. Talasan ninyo ang inyong pakiramdam, at kung saan nanggagaling ang apoy ay doon kayo paparoon. At hindi na muling babalik ang apoy sa nadaanan na ng apoy." Pagkatapos ng pulong sila'y namaalam na. Umalis at nagpunta sa Yawe, Padre

Burgos, Quezon, sa bahay ni G. Pablo Vasquez. Pinagusapan doon ang pagdadaos ng pista ng Samahan ng Yawe. At mayroon pang inihalimbawa ang Ama kay Mang Pablo. Mayroon daw siyang tatlong anak na lalaki na pinagbibigyan ng tigi-tigisang pera, at "darating ang araw ay aking kukunin.

(157) "Ang isang anak ay pinag-negosyo ang isang pera na bigay sa kaniya. Ang isang anak ay ibinaon sa lupa ang isang perang ibinigay sa kaniya. At isang anak ay dala-dala ang isang pera kahit saan siya pumunta." Sumagot ang Pablo: "Ama, magaling po ang ipinagnegosyo." Ang Ama ay nagtawa at pinikitan siya ng isang mata at ang sabi ay "magpakatalino ka sana, anak, makuha kayo sa isang pitik. Ilisto mo, ihanda mo ang Walay, anak. Ipaghanda ko kayo ng inyong kalalagyan, at kayo ay tatawagin ko sa Kinabuhayan. Ang nais ko ay isa man sa inyo ay walang mawawaglit, makadalay huwag makaiwan sa inyong paglakad. At kayo ay aking sasalubungin kasama ninyo ang Ama, sapagkat sa Kinabuhayan iipunin ang kay Illustreng kawal." Nagtungo rin sila kay Mang Luis Odnemer, poder ng Ligwa, at sinabi ng Ama na siya ang mamahala sa mga taga-Ligwa na sumusunod sa Amang Illustre. Pagdating doon ay nagparada ang Limang Letra at nagkaroon ng kaunting palatuntunan. At nagsabi ang Ama ng ganito: "Sa oras ng aking pagtawag sa inyo, mga anak, kahit matinik ay hawiin ninyo, sapagkat Ama ang kasama ninyo. Alalahanin ninyo na sa inyo ang Yawe. Yawe: iyan ay susi pagbubukas ng pintuan ng halamanan. Bilin ko sa inyong lahat na may puhunan kay Illustrisimo ay huwag lilisanin makadala na ay huwag makaayaw." Ipinatawag din si Mang Pablo Logatok na poder ng Pulo, P. Burgos, Quezon. At pinahanda sa pag-ahon sa Kinabuhayan. Sinabi ng Ama: "Magmula ngayon, anak, maghanda ka na at kung ikaw ay datnan ko ng tawag ay huwag kang mag-aatubili. Sikapin. Pilitin mong ipagsama tungkol may pag-ibig kay Illustrisimo upang inyong salubungin at saksihan kay Illustreng kaarawan. Magdala kayo ng batong Pulo, at bulang dagat." Sumagot ang matandang Pablo: "Opo, Ama, kaya lamang hindi ko po matiyak kung kami makabibiglang sumunod, sapagkat malata po ang daan." Sumagot ang Ama: "Ikaw ang si malatang daan. Kung nasa iyo ang Ama, tiyak titigas ang daan. Inilalaan ko anak, sa inyong pagdating ang tungkol ni Santong Moises sa iyo ibibigay." Pinagtalakayan ang kantahing "Sa Dakilang Araw."

Pagkatapos biglang nabalisa ang Ama, sinabing marami pa siyang babaybayin, baka magahol sa panahon. At tuluyan ng namaalam sa lahat. Umahon sa Kinabuhayan. Pagdating, magdamag ang programa at pangangaral ng Ama. At sinabing "dapat ninyong malaman na ang nakaraan ay bisiro pa lamang ngunit ang dadaan ay torong nagsusuwagan. Ngunit ang sabi ko ay huwag ninyong kalilimutang ang pangalan ng magulang. Tatandaan ninyo mga anak ang panahong ipinagkaloob para sa inyong pagkakabuhay sa lugaring ito. Huwag kayong magtatanim ng niyog, halaman lamang at mga punong kahoy na nabunga lamang ang dapat itanim sa paraiso. Katulad ng kamote ay lumaman ng lima, dalawa lamang ang ipagkakaloob ng Ama para sa inyo, at ang tatlo ay hihigitin ng magulang pailalim ng lupa. Upang maging handang pagkain ninyo sa ilalim pagdating ng panahon." Nagkaroon ng kapulungan sa templo, tinawag ng Ama si G. Octoman, Fortunato, Jesus, at Pedro. "Tandaan ninyo, mga anak, kayo ang bilang kumakatawan sa Dose Paris at apostoles, at kayo ang dapat mamahala sa lugar na ito ng Kinabuhayan. Ang mga tao ay huwag ninyong pababayaan, sapagkat mga kapatid ninyo sila. Ngayong kapiling pa ninyo ako ay kahit kayo makaliban sa pagtawag sa magulang. Subalit sa pag-alis kong ito ay huwag kayong magpapabaya, lalo ninyong papag-ibayuhin ang inyong pananampalataya sa Ama. At kung ngayon kayo ay aking pinapaghanda ay lalong higit kayong maghanda. Sapagkat alalahanin ninyong ang nakaraan ay bisiro ngunit ang dadaan pa ay toro. Talasan ninyo ang inyong pakiramdam at mga pakinig. Sapagkat ang daigdig na ito ay mahahati sa dalawang bahagi: isang komunista at isang americano. Nawa sana, mga anak, ay makasama kayo sa paghatol ng magulang."

(158) Kinabukasan ay ipinasok ng Ama na maging pulis ng bayan ng Dolores ang dalawa ni G. Octoman at Jesus Detaunan, at tuloy kinuha na ng Ama ang sahod noong dalawa sa loob ng dalawang buan kahit hindi pa sila nakapag-seserbisyo. At iyon ang ikinagalit ng Jesus sa Ama. Ngunit noong magalit na rin ang Ama at halos hindi nakayang awatin ang galit noong dalawa, kaya inako na ng ama ng Jesus ang kasalanan ng kaniyang anak. Sinabi ng Ama, "sayang ka, anak, huwag kang magsisisi sa pagka ako mo sa iyong anak. Benito, magtiis ka, anak, mabuti pa na ikaw ay mapag-isa sa akin, dito kita iniwan dito rin kita dadatnan", at kasunod noon ay iniabot sa kaniya ang isang bigkis na pitong

putol na bagin na may tig-pipitong tinik na matutulis at sinabing "paka-iingatan mo ito, anak." Isang linggo noon na laging nagsasaya ang buong Kinabuhayan. Siya namang pagputok ng unang digmaan, buan noon ng Disyembre. Kasalukuyang naggagawa si G. Benito Octoman ng gilingan ng mais at iluhan ng tubo. Noon kauna-unahang nakita ang naghahabulang mga eroplano sa itaas, kaya sinabi ng Ama na "dali-daling isimpan ang palay at mais sapagkat magkakadami tayo dito." Binilinan at tinuruan ng Ama ng pamamaraan ng pagsalubong at pagtanggap sa lahat ng kapatiran ng tatawagin ng Ama na magsisiahon dito sa Kinabuhayan. Ang pinagkatiwalaan ay si G. Benito Octoman, Fortunato Detaunan, Pedro Delantar at Jesus Delarmente. Tinuruan sila ng iba't ibang salita, sapagkat itong Kinabuhayan ay mababakuran ng kapangyarihan ng Dios Ama, at tanging makapapasok lamang ay dili ang kay Illustreng kawal.

